


Para Ano Kaya At Spinagkaloob Ang Banal Na Espiritu?

 Kita n'yo, si Kapatid na Neville ay naniniwala sa pagpapatong ng mga kamay.

Nakikita kong mayroon akong ilang mga katanungan. Ngayon, kukunin ko ang mga ito bukas ng gabi, pagkat wala akong oras upang tumingin sa mga ito ngayong gabi para sa inyo, marahil ay sa Mensahe kagabi. Ngayon, kung sino man ang may katanungan sa alinman sa Mensahe, ilatag lang ang mga ito isang gabi, at makukuha ko ang mga ito kinabukasan ng gabi.

² Ngayon, bukas ng gabi ay nais kong hanapin, o magkaroon, pala, ng ilang mga ministro, kung maaari; kung hindi, ilang mabubuti't, maaasahang mga kalalakihan o kababaihan na matatawag natin sa oras ng pangangailangan, na sa pangyayari...

Bukas ng gabi'y magsisimula tayo, pagkatapos ng Mensahe, sa pagpapatong ng mga kamay, at, para sa Banal na Espiritu. At pagkatapos, ay magkakaroon ng isang... Kayo'y mayroong pribilehiyo ninyo ng pananatili dito mismo kung gusto ninyo, lahat hanggang sa wakas ng mga pagbabakasyon, kung inaabot ng ganyan katagal ang mamatay. At pagkatapos—pagkatapos, kung hindi, kung ninanasa ninyong umuwi sa inyong sariling tahanan, aba, kami'y magagalak, kung kayo'y pupunta sa isang lugar kung saan kayo... Basta't hindi alam kung saan magtungo...

Nais naming kunin ang ilang mga ministro, ang kanilang mga bilang, kung sila'y mga bisita; ang kanilang mga bilang, kung saan sila nanunuluyan, na kung saan namin sila matatagpuan kaagad; at ipadala ang isa sa isang tahanan, isa sa isa pa, at isa sa isa pa, nang sa gayo'y makapagbigay sila sa inyo ng mga tagubilin, kayo na maghihintay sa dakilang biyayang ito na pinag-uusapan natin, ang bautismo ng Banal na Espiritu.

³ Nang nakaraang gabi'y nag-uusap tayo, “kung ano ba Ito.” *Ano Ba Ang Banal Na Espiritu?* At napagtanto natin Ito na sadyang tungkol sa bawat bagay, na ipinangako sa atin ng Diyos. A-ha. Natagpuan natin Dito kung ano ang sadyang kakailanganin ng Iglesia ng Diyos. Nabatid natin Ito na isang tatak, isang Mang-aaliw, ang kapahingahan, at ang kagalakan, at ang kapayapaan, at ang pagkabuhay na mag-uli. At ang lahat na ipinangako ng Diyos sa Kanyang Iglesia, ay nakapaloob sa Banal na Espiritu.

⁴ At ngayon, sa gabing ito, nais nating mangaral tungkol sa, o mangusap tungkol sa, magturo tungkol sa. . . Mayroon akong mga tatlo o apat na mga pilas ng mga teksto rito, o mga Kasulatan, tungkol Dito, na. . . Nang nakaraang gabi'y naiwan ko ang aking Cruden's Concordance na nakalatag dito, at hindi ko nakuha iyon. At sadyang kinailangan kong magsaliksik nang buong makakaya ko ngayon sa mga Kasulatan. Ngayon, at bukas. . . Sa gabing ito'y magtuturo tayo tungkol sa: *Ano Ang Layunin Ng Diyos Sa Pagpapadala Ng Banal Na Espiritu?* Para saan ba Ito? Kung ito'y totoong isang dakilang bagay, kung gayo'y bakit Ito ipinadala ng Diyos?

⁵ Pagkatapos, bukas ng gabi'y nais nating mangusap tungkol sa: *Ito Ba'y Para Sa Iyo?* at *Paano Mo Nakukuha Ito?* at *Paano Mo Nalalamang Nakuha Mo Na Ito?*

At pagkatapos, makaraang saliksikin natin iyan, sa mga Kasulatan, maipaliwanag ito sa pamamagitan ng mga Kasulatan, na ginagamit ang mga Kasulatan para sa lahat ng mga bagay, kung gayo'y yaong mga naghihintay ng Banal na Espiritu ay magsisipunta sa harapan pagkatapos. At pagkatapos ay umaasa akong ang rebaybal ay nagpapatuloy, mula pagkaraan noon, upang kumilos kung gayon na kasama ang Banal na Espiritu.

⁶ Ngayon, dahil sa bukas ng gabi'y marami ang manunuluyan marahil nang ilang sandali sa mga silid sa simbahan, nadarama ko na kung makakakuha tayo ng sindami ng mga ministro at niyaong mga taong sanay na sa pag-aakay ng mga tao upang matanggap ang Banal na Espiritu, upang humimok sa kanila, na magtungo sa tahanan kasama ang isang—isang babae at ang asawa niya, o—o na kasama ang isang taong naghihintay ng Banal na Espiritu, na lubos na tinagubilinan ukol sa kung ano ang gagawin.

Kung maibibigay n'yo lang ang bilang ng inyong telepono o tirahan sa pastor, ngayong gabi o bukas ng gabi. Ibigay lang iyon kay Kapatid na Neville, nang sa gayo'y makapag-iiwas iyan sa amin sa pagtitipon-tipon para sa isang pagtitipon. Ibigay lamang ang bilang ng inyong telepono kung saan namin kayo maaabot. At pagkatapos ay sabihing, “Ako'y maaari, at kung kami. . .nais mo akong ipadala sa isang tahanan.” Kung ito'y isang—isang babae lamang, kung gayo'y makapagpapadala kami ng isang babae, kita n'yo, sa babaeng ito. At saka, kung ito'y sa isang tahanan kung saan may isang lalaki at ang maybahay niya, bueno, makapagpapadala kami ng isang ministro.

At kami'y magagalak na kayo'y makipagtulungan, dahil alam kong kayo'y, bawat isa, ay interesado sa ganito, dito sa pinakamahalaga. At alalahanin, “Siya na nagliligtas ng isang kaluluwa mula sa kanyang kamalian, ay nakapagtakip ng napakaraming kasalanan.” Kita n'yo? At ang Nobya ni

Cristo ay nagugutom at nauuhaw. Siya'y nasa paghihirap sa panganganak, upang isilang ang mga anak ng Diyos.

⁷ At ngayon, sa gabing ito, bago natin basahin ang mga Kasulatan, iyuko natin ang ating mga ulo sa ilang sandali para sa panalangin. At bago muna tayo manalangin, kayo na ang inyong mga ulo'y nakayuko, maaari bang magkaroon kayo ng isang kahilingan? Itaas n'yo lamang ang inyong mga kamay at sabihing, "Diyos, mataimtim kong itinataas ang aking mga kamay. Mayroon akong pangangailangan. Isinasamo kong tutulungan Mo ako, O Panginoon." Pagpalain ng Diyos ang bawat isa sa inyo. Nakikita Niya ang mga kamay ninyo. Isinulat na ng mga Anghel ang mga kahilingan nila.

⁸ At, Amang Nasa Langit, kami ngayo'y nagtutungo, lumalapit na muli sa Iyo sa panalangin. Na, walang pag-aalinlangang ang dalangin ay nabuo na sa gitna ng mga anak ng Diyos ngayong gabi, sa munting pook na ito, at ang mga awitin ay naawit na, at napasigla na namin ang mga puso sa masayang mga kagalakan sa mga pagpupuri sa Diyos.

⁹ Sinabi ni David na siya'y magtutungo sa pagtitipon-tipon ng mga banal at ipapabatid ang kanyang mga kahilingan. At ngayong gabi, ay nagkaroon ng maraming mga kamay. Marahil, siguro, sasabihin kong, walumpung porsiyento niyaong mga nangakaupo sa gusaling ito ngayong gabi'y nagtaas ng kanilang mga kamay para sa mga kahilingan. Ipinakikita, Panginoon, na sadyang hindi kami makapagpapatuloy nang wala Ka. Kinakailangan naming matamo Ka, sa bawat araw. Ikaw ang aming Buhay, ang aming kagalakan, ang aming kalusugan, ang aming nagbibigay-lakas, ang aming sustento, ang aming pananggol, ang aming panangga sa kalaban.

At sadyang hindi namin malabanan itong laban ng buhay kung wala Ka. Magiging ganap na imposible para sa amin ang gawin ito, at kinakailangan naming magtiwala nang lubusan sa Iyo. Sapagkat, nalalaman naming kami'y naglalakad sa isang madilim at mapanglaw na lupain. Sa bawat tabi ay napaligiran na kami ng kalaban, sa pagbibigay ng mga bitag at mga panlilinlang. Ang aming mga landas, Panginoon, ay nakaayos na puno ng mga patibong ng kalaban, upang talunin kami.

¹⁰ At kami, rin, ay nakababatid, na sa dulo ng daan ay mayroon kami niyang mahaba't, madilim-dilim na lambak na tinatawag na kamatayan na lalakaran nang tuluy-tuloy. Oh Panginoon, sino ang hahawak sa mga kamay namin kung gayon? Nais naming makilala Ka ngayon, Panginoon. Nais naming malamang nasa Iyo ang mga kamay namin, at nasa amin ang Iyong kamay, na maaari naming taglayin iyang nakaangklang katiyakan na kapag kami'y dumating na riyan sa huling dakilang sandali ng aming buhay, na pumapasok sa pintuang iyan na tinatawag na kamatayan, na masasabi naming kasama ang sinaunang banal,

“Kilala ko Siya sa kapangyarihan ng Kanyang pagkabuhay na mag-uli, at alam kong kapag Siya’y tumawag, ako’y lalabas mula sa kalagitnaan ng mga patay.”

¹¹ Ngayon, Amang Diyos, idadalangin namin na pagpapalain Mo ang aming mga kahilingan at ang aming pagtitipon. Pagpalain Mo ang Iyong mga Salita. At kung sasabihin ko ang anuman na magiging taliwas sa Iyong Salita o Iyong kalooban, Ikaw pa rin ay may kapangyarihang itikom ang bibig, gaya ng ginawa Mo sa lungga ng mga leon nang si Daniel ay naroroon. At idinadalangin namin, Panginoon, na magbubukas Ka ng mga tainga at mga puso ngayong gabi, iyan, at lumalang sa kanila ng isang pagkagutom at pagkauhaw. Nawa’y maging uhaw na uhaw sila na hindi sila makakatulog o makakapahinga, wala saan man, hanggang sa dumating ang Mang-aaliw.

¹² Kami’y naniniwala na kami’y nabubuhay sa mga huling araw, sa anino ng Kanyang Pagdating. At iya’y kung saan nakapatungkol ang mga Mensaheng ito, Panginoon. Ito’y para sa mga tao upang makinig nang mabuti, tumanggap ng babala. At nawa, sa gabing ito, tanggalin lamang namin ang takip na balat, ngayon mismo, ilapag ito sa ibabaw ng tabi ng bangko, sabihing, “Panginoong Diyos, ako’y isang sisidlan sa Iyo. Hayaang dumaluyong sa akin ang Iyong Espiritu. Hulmahin Mo ako at gawin ako ayon sa kalooban Mo. Isusuko ko ang aking puso, ang aking kalakasan, ang lahat-lahat sa akin, para sa layunin Mo.”

¹³ Dinggin kami, Panginoon. Hindi kami naririto upang makita, sa maulang gabing ito. Hindi kami naririto dahil lang sa wala nang iba pang lugar na mapupuntahan. Naririto kami dahil sa isang mataimtim, sagrado’t, banal na hangarin sa aming mga puso, na iyan ay, ang lumapit sa Iyo, nalalamang naipangako Mo na kung kami’y lalapit sa Iyo, ay lalapit Ka sa amin. At iyan ang dahilan kung bakit kami naririto. Siya na pumapasok nang gutom ay hindi lalabas nang gutom. “Pinagpala sila na mga nagugutom at nauhaw sa katuwiran,” ang sabi ni Jesus, “sapagkat sila’y bubusugin.” At kung kami’y humihiling ng tinapay, hindi kami tatanggap ng isang bato. Taglay namin ang katiyakang iyan. At kung kami’y humihiling ng isda, hindi kami tatanggap ng isang ahas. Kundi, ang Diyos naming Ama ay magpapakain sa amin ng Manna ng Kalangitan, ang Salita Niya at Espiritu Niya na nagpapatotoo sa Kanya. Tugunin ang aming mga panalangin, Panginoon, at ang mga kahilingan namin, habang kami’y patuloy na naghihintay sa Iyo. Kami’y nananalangin sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

¹⁴ Ngayon, kayo na mga nagtatala nitong mga Kasulatan, kung kayo’y tutungong kasama ko sa San Juan muli, sa ika-14 na kabanata. Nais nating magsimula sa ika-14 na kabanata ng San Juan. At tayo’y magsimula mga sa ika-14 na talata, San Juan 14:14, at babasa lang ng isang bahagi nitong Kasulatan.

Ngayon, sa ganito'y matatagpuan ninyo ang higit na nilalaman na kahulugan na nais kong ipangusap ngayong gabi.

¹⁵ At tandaan, kayo na taglay ang mga pulang-titik na Biblia, ito'y nasa pula, ito nga. Ito'y ang mga Salita na ipinangusap ni Jesus Mismo, kaya kung gayo'y makatitiyak tayo na ito'y magiging sadyang tulad ng nasabi Niya. "Ang langit at lupa ay lilipas, ngunit ang Kanyang Salita ay hindi mabibigo kailanman."

Ngayo'y magbabasa tayo mula sa ika-14 na talata ng ika-14 na kabanata.

Kung kayo'y magsisihingi ng anoman sa pangalan ko, ay yaon ang aking gagawin.

Anong isang pinagpalang pangako!

Kung ako'y inyong iniibig, ay tutuparin ninyo ang aking mga utos.

At ako'y dadalangin sa Ama, at kayo'y bibigyan niya ng ibang Mangaaliw, upang siyang suma inyo magpakailan man;

Sa makatuwid baga'y ang Espiritu ng katotohanan; na hindi matatanggap ng sanglibutan, sapagka't hindi nito siya nakikita, . . .

Ngayon, kayo na magbabasa mula sa isang Griyegong Biblia, ay makikita itong nakapaloob dito, hindi. . . Ang *nakikita* diyan ay nangangahulugang "ang maunawaan." "Sapagkat hindi Siya nauunawaan ng sanlibutan." Iyan ay totoong-totoo. Hayaang basahin kong muli ito ngayon.

Sa makatuwid baga'y ang Espiritu ng katotohanan; na ang. . . katotohanan; na hindi matatanggap ng sanglibutan, sapagka't hindi nito siya nakikita, ni nakikilala man siya: siya'y nakikilala ninyo (sino? ang Mang-aaliw); sapagka't siya'y tumatahan sa inyo ngayon (pangkasalukuyan), . . . siya'y tumatahan sa inyo, at sasa inyo.

Ano Ito? Ang siya pa ring Mang-aaliw.

Hindi ko kayo iiwang magisa: ako . . .

Kahit sino'y nakaaalam na ang "ako" ay isang panghalip panao.

. . . ako'y paririto sa inyo.

Kaunti pang panahon, at hindi na ako makikita ng sanglibutan; ngunit kayo ay . . . ngunit inyong makikita ako: sapagka't ako'y nabubuhay, ay mangabubuhay rin naman kayo.

Sa araw na yao'y makikilala ninyong ako'y nasa aking Ama, at kayo'y nasa akin, at ako'y nasa inyo.

Magkakaroon ng sentro ng aking isipan, ngunit tayo'y babasa pa ng kaunti. Hayaang basahin ko rin iyan ngayon, muli.

Sa araw na yao'y (sa dakilang araw, ang araw ng paghuhukom), araw na yao'y makikilala ninyong ako'y nasa aking Ama, at kayo'y nasa akin, at ako'y nasa inyo.

Ang siyang mayroon ng aking kautusan, at tinutupad ang mga yaon, ay siyang umiibig sa akin: at ang umiibig sa akin ay iibigin ng aking Ama, at siya'y iibigin ko, at ako'y magpapakahayag sa kaniya.

Si Judas ay nagsabi sa kaniya, hindi ang Iscariote, Panginoon, ano't mangyayari na sa amin ka magpapakahayag, at hindi sa sanglibutan?

Iya'y, kosmos, ang “kaayusan ng sanlibutan.” Kung mayroon kayong palugit na pagbasa riyon, ay mapapansin ninyo. Ang sa akin ay isang “g,” at sinasabi nito sa banda rito, “kosmos, o sistema ng sanlibutan.” Iya'y mga iglesya, at iba pa, kita n'yo.

. . . ano't mangyayari na sa amin ka magpapakahayag ng iyong sarili, at hindi sa kanila? Paano Mo magagawa ito?

Sumagot si Jesus at sinabi sa kaniya, Kung ang sinoman ay umiibig sa akin, ay kaniyang tutuparin ang aking salita: (amen) at siya'y iibigin ng aking Ama, at kami'y pasasa ka niya, at siya'y gagawin naming aming tahanan.

Ang hindi umiibig sa akin ay hindi tumutupad ng aking mga salita: . . .

Maaaring tuparin ang mga aral ng simbahan; ngunit tuparin ang Kanyang mga salita, kita n'yo.

. . . at ang mga salitang inyong narinig ay hindi akin, kundi sa Amang nagsugo sa akin.

Ang mga bagay na ito'y sinalita ko sa inyo, samantalang ako'y tumatahang kasama pa ninyo.

Datapuwa't ang Mangaaliw, sa makatuwid baga'y ang Banal na Espiritu, na susuguin ng Ama sa aking pangalan, siya ang magtuturo sa inyo ng lahat ng mga bagay, at magpapaalaala ng lahat ng mga bagay na ito (iya'y, ang Kanyang mga Salita), na sa inyo'y aking sinabi.

Ano ang layunin kung bakit isinugo ng Diyos ang Banal na Espiritu kung gayon? Nawa'y magdagdag Siya ng Kanyang mga pagpapala sa Kanyang Salita.

¹⁶ Sinabi ni Jesus, na, “Sa araw na yao'y makikilala ninyong Ako'y nasa Ama, at ang Ama ay nasa Akin; at kayo'y . . . Ako ay nasa inyo, at kayo'y nasa Akin.” Ngayon, kung sasabihin natin ito . . .

17 Ngayon, tandaan, ito ay mapasasa teyp.

Isang Cristiyang mangangalakal, mula sa Louisville, ang tumawag sa akin kani-kanina lang. At ang sabi niya, “Ito’y isang kahihiyan, Billy, na ang mga Mensaheng ito, gaya ng sinabi mo kagabi, ay hindi nakakarating sa apatnapung libo rito sa halip na isandaan at limampu, o dalawandaan, tatlong daang mga tao sa iyong maliit na tabernakulo.”

18 Sabi ko, “Ginoo, sa loob ng anim na buwan mula ngayon, kung magtatagal si Jesus, ang buong mundo sa paligid ay maririnig ito.” Kita n’yo?

Ang mga teyp na ito’y magtutungo sa buong mundo, kita n’yo, sa buong palibot. At, samakatwid, ay nagtuturo tayo rito ngayon kung ano lang ang pinaniniwalaan nating Katotohanan, at kung ano ang napagtanto nating pinatunayan ito ng Diyos sa atin na Katotohanan.

19 Ngayon, ang layunin, ano nga ba—ano nga ba ang layunin ng Diyos sa pagsusugo ng Banal na Espiritu? Ngayon, mamarkahan ko iyan, Juan 14, simula sa ika-14 na talata, at sa pagbasa hanggang sa dulo ng kabanata, para sa saligan. Ang layunin ng Diyos, nakikita natin dito, sa pagsusugo ng Banal na Espiritu, ay isang layunin, na nang sa gayo’y ang Diyos Mismo’y maaaring manahan sa Kanyang Iglesya at magpatuloy ng Kanyang mga plano sa pamamagitan ng Iglesya. Na, ang Diyos ay na kay Cristo, nagpapatuloy ng Kanyang mga plano sa pamamagitan ni Cristo; mula kay Cristo, patungo sa Iglesya, ipinagpapatuloy ang Kanyang gawain sa pamamagitan ng Iglesya.

20 Ngayon, alam natin kung ano ang Banal na Espiritu. Napag-alaman natin, kagabi, na Ito’y ang Diyos.

Ngayon, kapag iniisip natin ang Diyos, na Ama, gaya ng tungkol sa sinabi ni Jesus dito, ang Kanyang Ama; ang Diyos, na Anak, bilang si Jesus; ang Diyos, na Banal na Espiritu, gaya ng itinatawag natin Dito sa araw na ito. Ngayon, iyan ay hindi nangangahulugang may tatlong nagsasarili’t, bukod-tanging mga Diyos. Ito’y nangangahulugan na may isang Diyos sa tatlong katungkulan.

Maaari nating sabihin itong tulad ng ganito. Ang lahat ng nasa Diyos, ay isinalin Niya kay Cristo, dahil inalis Niya ang lahat sa Kanyang Sarili at isinalin Ito kay Cristo. “At si Cristo ang kabuuan ng pagka-Diyos ayon sa laman.” Ang lahat ng na kay Jehova, ay isinalin Niya kay Cristo.

At ang lahat ng na kay Cristo, ay isinalin Niya sa Iglesya; hindi sa isang indibidwal, kundi sa buong Katawan. Doon, kung saan tayo nagsasama-sama sa pagkakaisa, ay may Kapangyarihan tayo. Ang lahat ng nasa Diyos, ay na kay Cristo; at ang lahat ng na kay Cristo, ay nasa inyo.

“Sapagkat ang Diyos ay nahayag sa laman, at nanahan sa ating kalagitnaan.” Unang Timoteo 3:16, kung ito’y isinusulat ninyo, “Walang pagtatalo’y dakila ang hiwaga ng kabanalan: sapagkat ang Diyos ay nahayag sa laman, at nakisalamuha tayo sa Kanya. Ang Diyos, si Jehova, ay nahayag sa laman, at lumakad sa lupa, at ating nakita Siya ng ating mga mata.”

²¹ Alam n’yo, sa gayon pa ring kabanata, ng Juan 14, ay sinabi ni Felipe, “Panginoon, ipakita Mo sa amin ang Ama, at kami’y mabibigyang-kasiyahan na.”

²² Sinabi ni Jesus, “Malaon nang panahong Ako’y inyong kasama, Felipe, at hindi mo Ako nakikilala? Nang Ako’y makita mo, ay nakita mo na ang Ama. At bakit mo sinasabi sa Akin, ‘Ipakita Mo sa amin ang Ama?’” Ang Diyos ay nahayag sa laman.

²³ Ngayon heto iyon. Ang Ama ay ang Diyos na nangunguna sa iyo, ang sinasabi natin. Tayo’y matagal nang naging mula pa kay Adan. Ang Diyos, ang Ama, ay nangunguna kay Moises at sa mga anak ni Israel, sa isang Haliging Apoy. Pagkatapos, ang Diyos ay nakasama natin, kay Cristo; lumakad na kasama natin, nangusap sa atin, kumaing kasama natin, natulog na kasama natin. Ang Diyos na nangunguna sa atin; Ang Diyos na kasama natin; at ngayon ay ang Diyos sa atin. Ang lahat ng nasa Diyos, ay napunta kay Cristo; ang lahat ng na kay Cristo, ay napunta sa Iglesia.

Ano ito? Ang Diyos na kumikilos sa iyo. Kahit saan sa mundo na nanaisin Niyang tawagin ka, ikaw ay naroroon lang, kumikilos sa iyo upang gampanan ang Kanyang mabuting kalooban. Gaano natin karapat-dapat na pasalamatan ang Diyos dahil diyan! Ang Diyos, ang Banal na Espiritu, ay isinugo para sa layuning ang Diyos ay nananahan sa Kanyang Iglesia, kumikilos sa bawat kapanahunan, ginagampanan ang Kanyang Banal na kalooban.

²⁴ Kapag pinagkatuwaan ka ng tao, hindi ikaw ang pinagkakatuwaan nila, pinagkakatuwaan nila Siya na nagsugo sa iyo. Kaya sinabi ni Jesus, “Mapalad kayo kapag ang mga tao’y magsasabi ng lahat ng uri ng kasamaan laban sa inyo, nang walang katotohanan, dahil sa Aking Pangalan. Mapalad kayo.” At, muli, “Ang lahat ng namumuhay nang banal kay Cristo Jesus ay daranas ng mga pag-uusig.”

Sapagkat, nang ihayag ng Diyos ang Kanyang Sarili kay Cristo, ay kinamuhian nila Siya. Sino ang namuhi sa Kanya, nang lalong matindi? Ang iglesia. Ang iglesia’y namuhi sa Kanya, nang lalong matindi. Kinamuhian nila Siya nang matindi kaysa sa—sa lasenggo. Kinamuhian nila Siya nang matindi kaysa sa lahat ng iba pang mga tao. Ang iglesia ang siyang namuhi sa Kanya. Kaya, kung gayon, kapag nakita ninyo ang *kosmos*, “Ang kaayusan ng sanlibutan, hindi Siya nakilala ng sanlibutan,” ang ibig sabihin, “ang iglesia,” na tinatawag nang gayon, “ay hindi

nakakilala sa Kanya. Siya'y naparito sa sariling Kanya, at Siya'y hindi tinanggap ng mga sariling Kanya.”

“Datapuwa't ang lahat ng sa Kanya'y nagsitanggap, ay pinagkalooban Niya sila ng karapatang maging mga anak ng Diyos, sa makatuwid baga'y ang mga nagsisisampalataya sa Kanyang Pangalan.” Oh, gaano natin Siya karapat-dapat na ibigin at sambahin! Ang layunin ng Diyos, na nagnanais na maging sa pakikisama!

²⁵ Gaya ng, bago natin iwan ang tekstong iyan, ay gamitin natin ito; noong panahon ni Ruth, sa batas ng pagtubos, nang iwanan na ni Naomi ang probinsiya, dahil sa pagsubok, mga panahon ng kahirapan. Nagtungo siya sa lupain ng mga Moabita, na mga sadyang maligamgam, na mga naturingang Cristiyano. Dahil, ang mga Moabita ay nagmula sa anak na babae ni Lot, at kung tawagin sila'y mga mananampalataya, at nagkakagulo. At pagkatapos ay pumanaw ang kanyang asawa, at ang kanyang dalawang anak na lalaki'y pumanaw. At sa daan pauwi, si Naomi. . . Si Ruth at Naomi, sa kanyang daan pauwi, ang kanyang. . . Ang isa sa mga manugang niyang babae, si Orpah, sinabi niyang babalik siya sa kanyang bayan, sa kanyang mga diyos, at sa kanyang simbahan, at sa kanyang kaanak. At pinilit ni Naomi na pabalikin si Ruth, ngunit sinabi niya, “Ang iyong bayan ay ang aking bayan. Ang iyong Diyos ay ang aking Diyos. Kung saan ka mamamatay, doo'y mamamatay ako. Kung saan ka inilibing, doo'y ililibing ako. At hindi ako babalik.”

²⁶ Iya'y kung kailan ang isang tao'y nakatanggap ng isang pangitain. Hindi mahalaga kahit ano pa ang sinabi ng kanyang mga kaanak, “Pupunta ka sa banda roon para maging isang holy-roller o kung ano.” Iya'y hindi mahalaga kay Ruth. May isang layunin ang Diyos na tutuparin.

²⁷ At sadyang kasing tiyak ng inyong pagkagutom ngayong gabi para sa Banal na Espiritu, ito'y kung ano'ng nasa inyo, humihila sa inyo, na isang layunin ng Diyos sa inyong buhay ang kinakailangang maisakatuparan, sadyang tulad ng naging kay Ruth.

²⁸ Ang salaysay ay napakaganda! Sadyang hindi ko ito maiwan, sa ilang saglit. Alam ninyo ang batas ng pagtubos, na nang si Boaz. . . Alam ninyo ang salaysay ng kung paano namulot si Ruth sa bukid at nakasumpong ng biyaya kay Boaz. At bago niya mapakasalan siya, kinakailangan niyang tubusin ang lahat ng nawala kay Naomi. At ang bukod-tanging makakatubos ng nawalang ari-arian ni Naomi, sa batas ng pagtubos, ay isang malapit na kamag-anak; kinakailangang maging kamag-anak bago siya makatubos. At iyan ang kanyang pinakamalapit na kamag-anak. At kinakailangan niyang gumawa ng isang pampublikong sagisag, sa labas ng pintuang-bayan, o isang lantarang pagtatapat na tinubos na niya ang lahat ng nawala

kay Naomi. At ito'y ginawa ni Boaz sa pamamagitan ng pagpapasimula ng kanyang pangyapak sa harap ng mga matatanda, at nagsabi, "Kung mayroong sinuman na taglay ang anumang pag-aari ni Naomi, ako sa araw na ito'y natubos na iyon."

²⁹ At iyan ang paraang ginawa ng Diyos, sinunod ang Kanyang Sariling mga kautusan. Hindi makasusunod ang Diyos, makapagbibigay sa iyo ng isang kautusan upang sundin at siya nama'y susunod sa isa pa. Sinusunod Niya ang Kanyang Sariling mga kautusan. Pagkatapos, ang Diyos, nang sa gayo'y matubos ang naligaw na iglesya, ang naligaw na sanglibutan, ang naligaw na sangnilikha; ang Diyos, Na walang-hanggan sa Espiritu, nang sa gayo'y matubos ang naligaw na sangkatauhan, ang Diyos Mismo ay naging kamag-anak, isang Tao, isang Anak na Lalaki na Kanyang nilikha sa sinapupunan ni Maria. At pagkatapos ay gumawa Siya ng isang simbolo, o isang patotoo; sa labas ng pintuang-bayan ng Jerusalem, Siya'y itinaas sa pagitan ng langit at lupa, at namatay, at tinubos ang lahat ng bagay. At sa pagdurugo, ay pinabanal Niya ang isang Iglesya nang sa gayo'y ang Sarili Niya Mismo ay maaaring makapanahan, at makisama at makipagniig, iyang nawalang dako ng pakiki samahan mula sa halamanan ng Eden kung saan nanaog ang Diyos tuwing gabi, oras ng iglesya.

Napansin ba ninyo, nanaog ang Diyos sa kalamigan ng umaga, sa paglubog ng araw. May patungkol sa kung ano kapag nagsisimula nang gumabi, iniisip ng mga tao ang iglesya at ang Diyos; mga Cristiyano. Nakikita ninyong papalubog ang araw, napagtatanto ninyong papalubog ang inyong araw.

³⁰ At sa kalamigan ng gabi ay nananaog Siya at nakikipagniig sa kanila. At doo'y nawala ang samahang iyan, sapagkat hindi Siya mapahintulutan ng kasalanang gawin iyon.

At pagkatapos ay nahayag Siya sa laman at nanahan sa ating kalagitnaan, nang sa gayo'y makabalik Siyang muli sa tao, at makapamuhay sa tao, at muling makapagbalik ng isang tao sa isang kalagayan ng pakikipagniig sa Kanya, at maisauli sa kanya ang karapatan niyang ipinagkaloob ng Diyos. Iyan ang Kanyang ginawa.

³¹ Iyan ang hangarin ng Banal na Espiritu. Ito'y ang Ama, na naman, ang Diyos na Ama na nananahan sa iyo, isinasakatuparan ang Kanyang mga plano, upang tapusin ang Kanyang plano ng pagtubos; kumikilos sa iyo, ginagawa kang isang kamanggagawang kasama Niya; binibigyan ka ng isang lugar, binibigyan ka ng isang bahagi para sa iyong bumagsak, at naligaw na kapatid na lalaki at babae; binibigyan ka ng Espiritu Niya at pag-ibig Niya, upang hanapin ang mga naligaw, tulad ng ginawa Niya sa halamanan ng Eden. "Adan, Adan, nasaan ka?" Iyan ang ginagawa ng Banal na Espiritu sa isang lalaki o

isang babae. Kapag Ito'y tumama sa kanilang puso at gumawa ng tirahan Nito, may isang pagka-uhaw at isang pagkagutom para sa mga kaluluwang naliligaw.

Iyan ang nangyayari sa mga pagtitipon ngayon. Walang sapat na katangian ng Espiritu dito, upang humayo para sa mga kaluluwa ng mga ligaw at ng mga mamamatay na. Ito'y mas higit na tungkol sa paggawa ng pangalan, o isang simbahan, o isang gusali, o isang denominasyon, sa halip na isang programang ukol sa paghikayat ng kaluluwa. Gaano kahabag-habag! Maaari tayong manatili sa ganito nang lubusan.

Isinalin ng Diyos ang Kanyang Sarili kay Cristo. Tama.

³² Isinalin ni Cristo ang Kanyang Sarili sa Iglesia. Kung gayon, ngayo'y pagmasdan, "Sa araw na yaon ay malalaman ninyo na Ako ay nasa Ama, at kayo ay nasa Akin, at Ako'y nasa inyo. Sa araw na yao'y malalaman ninyo ito." Sapagkat, ito'y, ang buong bagay ay isang plano ng pagtubos na nananaog, na ang Diyos ay nagbabalik upang mabuhay sa, at manahang kasama ng, at makipagniig sa Kanyang bayan, tulad ng ginawa Niya sa pasimula.

Ngayon, pagkatapos, sa oras na mailagay Niya ang Kanyang Iglesia sa kaayusang pagpapahayag, mailagay ang Kanyang Iglesia sa isang lugar na mapadadaloy Niya ang Kanyang Sarili nang tuluy-tuloy, at makaiibig, at makahihikayat, at makikisama, kung gayo'y darating ang isang Eden. Kukunin Niya ang Kanyang Iglesia pabalik sa kung saan Nito—Nito iniwan Siya, pabalik na muli sa Eden, doon kung saan Ito nahulog. Ito, ngayon. . . Iya'y kung saan Ito gumawa ng una Nitong pasimula, o pagkahulog. Doo'y kung saan Ito agad na kukuning pabalik, na may bawat mabuting tala ng pagkatubos, dinadala silang muli nang karaka-raka pabalik sa lugar na iyan.

³³ Ang Iglesia'y nasa sanlibutan sa loob ng ilang panahon. At ang Iglesia, talaga, pagkaraan ng repormasyon, ng labinlimang daang taon ng mga panahon ng kadiliman. . . si Luther ang unang repormer na dumating pagkatapos ng pagkakasunud-sunod ng mga apostol. At pagkatapos nang dumating si Luther, ang Diyos ay kumuha ng kaunting piraso ng Espiritu at ibinuhos Ito sa Iglesia, sa ikaaring-ganap. At pagkatapos noong panahon ni Wesley, ibinuhos Niya ang kaunti pa ng Kanyang Sarili, sa pagpapakabanal. At habang ang kapanahunan ay tumagal na, hanggang sa huling panahon, ay matagal nang pinupuspos ng Diyos ang Kanyang Iglesia. Tumingin lamang kayo sa paligid at alamin kung iya'y Katotohanan, o hindi.

³⁴ Tingnan ang kapanahunang Lutheran, kayo na mga nangagsisipagbasa ng kasaysayan, tingnan ang kanilang rebaybal at kung ano ang ginawa nila. Tingnan kung gaano kahigit ang laki ng naging rebaybal ni Wesley, gaano kahigit ang kapangyarihang tinaglay nila, ngunit sa maliit na bilang.

Pagmasdan noong panahon ng Pentecostes, anong rebaybal ang nagkaroon sila noon, anong malaki't, malawak na saklaw.

³⁵ Pati na rin, ang *Ang Ating Panauhin Ng Linggo*, ang peryodikong Katoliko, ay nagbibigay ng pagtatapat na ang mga Pentecostal ay gumawa ng isang milyo't limandaang libong mga kombersiyon sa loob ng isang taon, nahigitan ang lahat ng mga natirang iglesyang pinagsama-sama. Ang Katoliko ay nagbago nga lamang, umangkin, ng isang milyon. Sa kanilang sariling *Panauhin Ng Linggo*, ang peryodikong tinatawag na *Panauhin Ng Linggo*, ay nagbigay ng pahayag na nahigitan sila ng mga Pentecostal.

At, alalahanin, ang mga Pentecostal na kombersiyon ay mga kombersiyong puspos ng Banal na Espiritu. Sa maliit na bilang, sa pagsisimula, sa may gilid ng eskinita doon sa labas, na may isang—isang lumang gitara. At ang mga kababaiha'y hindi nga makabili ng isang pares ng istakings. Nangagsisipag-ayos sa may riles ng tren, at namumulot ng mais at minamasa iyon, at gumagawa ng tinapay para sa kanilang mga anak. Subalit ano ba itong darating? Ang pinakamakapangyarihang nakatindig na iglesya sa mundo ngayon, hindi sa mga mata ng sanlibutan, kundi sa mga mata ng Diyos, sapagkat pinatotohanan Niya ito sa kung ano ang Kanyang ginagawa para sa kanila. Ibinubuhos Niya ang Kanyang Sarili sa kanila, isinasalin Ito.

³⁶ Pansinin ngayon kung ano ang nangyari, ibinubuhos ng Diyos ang Kanyang sarili sa kanila. Ngayo'y nakarating na ang Iglesya sa isang dako, mula kay Luther, Wesley, at ang rebaybal ay dumaan sa Pentecostes; at ngayo'y nasa kapanahunang ito na ating tinutungo ngayon, sa pamamagitan ng gayon pa ring Banal na Espiritu, mas higit lamang Nito. Ngayon, nang silang mga Lutheran doon sa nakaraan ay maligtas, nagkaroon sila ng isang bahagi ng Banal na Espiritu. Nang mapabanal ang mga Metodista, iyan ay gawa ng Banal na Espiritu. Kita n'yo, iyon ay isang bahagi ng Banal na Espiritu. "Kung wala tayo ay hindi sila ginawang ganap," ang isinasaad ng Kasulatan. Kita n'yo?

³⁷ Ngayon, ang Diyos, habang nagsisimulang magliwanag ang Ilaw sa mga huling araw, Siya'y umaasa sa atin, ng isang malaking bagay mula sa atin. Sapagkat, "Kung saan higit ang naipagkaloob, doo'y higit ang kakailanganin." Kaya mangangailangan Siya sa atin ng higit na marami kaysa sa ginawa Niya sa mga Lutheran o sa mga Metodista, dahil lumalakad tayo sa isang higit na malaking Liwanag, na may higit na malaking Kapangyarihan, na may higit na malaking. . . isang—isang higit na maraming saksi sa naging kanila. Ngayon, mayroon tayong higit na maraming saksi sa pagkabuhay na mag-uli. Mayroon tayong mga bagay na mas higit na matatag, mas higit na tiyak kaysa sa naging kanila.

³⁸ Ngunit ito'y gaya lang ng sinabi ko sa isang kolehiyong Lutheran, hindi pa katagalan ang nakalilipas.

Sinabi nila, “Ano nga ba ang nagkaroon tayo?”

Sabi ko, “Isang lalaki ang nagtanim ng isang bukinging mais. Ang unang mga maliliit na dahoy umusbong, at sabi niya, ‘Pasalamatang ang Panginoon sa isang—isang ani ng mais!’ Sa nakatagong taglay, ay mayroon na siya nito, subalit mayroon lang siya nito sa murang anyo. Pagkaraan ng ilang sandali, ay naging isang tangkay ito.”

At isang buhok ng mais ang tumubo mula rito, samakatuwid baga’y ang mga Metodista.

³⁹ Kung inyong pagmamasdan ang kalikasan, makikita ninyong kumikilos ang Diyos. May isang lihim na nakahimlay roon na sumasabay pa nga sa aking ministryo. Kita n’yo? Iyan, sa pagmamasid sa kalikasan, tingnan kung paano ito gumagawa, ano’ng kapanahunan at ano’ng oras, makikita ninyo kung saan kayo nabubuhay. Pagmasdan ang kapanahunan.

⁴⁰ Ngayon, pagkatapos, ang mga Metodista, sila’y mga buhok ng mais. Lumington sila sa mga Lutheran, ang sabi, “Mayroon kaming pagpapakabanal; wala pa kayong kahit anong patungkol Dito.”

Pagkalipas ng ilang sandali, mula sa polen na iyan, mula sa mga Metodista, ay umusbong ang isang butil ng . . . isang puso ng mais. Iyan ang Pentecostes.

Hayan na kayo, ang ikaaaring-ganap, isang yugto Nito. Ang pagpapakabanal, isa pang yugto Nito. Ang Banal na Espiritu, isa pang yugto Nito; Pentecostes. Luther, Wesley, Pentecostes.

⁴¹ Ngayon ano ang ginagawa ng Pentecostes? Inihahambing ko ito, dahil, sa Pentecostes, ay muli nitong dinala, hindi isang luntiang dahon, hindi isang buhok ng mais, kundi . . .

Hindi maaaring sabihin ng mais sa buhok ng mais, “Wala akong mapapakinabangan sa iyo.” O, ang buhok ng mais ay hindi makapagsabi sa—sa dahon, “Wala akong paggamitan sa iyo,” dahil ang gayon ding buhay na nasa dahon ang gumawa sa buhok ng mais. Ang gayon ding buhay na nasa buhok ang gumawa sa tainga.

At iyon ay isang iglesyang Lutheran na siyang bumuo ng iglesyang Wesley. Iyon ay ang iglesyang Wesley na siyang bumuo sa Pentecostes.

Subalit, ang Pentecostes, ano ito? Ito’y isang pagpapanumbalik ng gayon ding uri ng isang butil na bumaon sa lupa sa pasimula, na ibinabalik ang lahat ng kabuuan ng Kapangyarihan ng Pentecostes, sa pamamagitan ng bautismo ng Banal na Espiritu, kita n’yo, sa mga huling araw. Oh, ito’y isang dakilang bagay, upang tingnan, upang paniwalaan at upang pagmasdan.

⁴² Ngayon sa kapanahunang ito na pinamumuhayan natin ngayon, ang kapanahunang ito, ito’y lampas na sa Pentecostes.

Isinaayos na ng Pentecostes ang sarili nito sa mga organisasyon, at nagsimula nang manlinlang ng marami tungkol sa mga organisasyon, “Kami ay *ito* at kami ay *iyán*.” Iya’y katutubong ugali lamang. Sadyang hindi mo ito maiiwason. Ito’y katutubong ugali. Gagawin nila iyan. Ito ang plano, para sa kanila na gawin iyan.

Subalit ang Iglesia’y nakapagpatuloy na. Ito’y napunta na sa mas higit na, lalong makapangyarihan. Ito’y ang pagpapanumbalik ng mga kaloob.

At marami sa mga taong Pentecostal ang hindi naniniwala sa Banal na pagpapagaling, ministryo ng mga Anghel, at mga kapangyarihan ng Diyos. Tinatawag ng marami sa mga Pentecostal ang mga pangitaing ito na aking nakikita na, “ang diablo.” Marami sa mga organisasyon ang wala ngang koneksiyon tungkol Dito, sa Pentecostes. Kita n’yo, nakaalis na tayo nang lampas diyan. Tulad nang tawagin ng mga Metodista ang Pentecostal na, “baliw,” dahil sa pagsasalita sa iba’t-ibang wika. Tulad nang tawagin ng Lutheran ang mga Metodista na, “baliw,” dahil sa paghihiyawan. Kita n’yo?

Ngunit itong lahat ay isang pagdating ng Banal na Espiritu, hanggang sa ang dakilang Iglesia’y pinupuspos pa lamang, at unti-unti hanggang sa ito’y mapuno, aleluya, [Si Kapatid na Branham ay kumatok sa pulpito nang dalawang beses—Ed.] ng mga dakilang kapangyarihan ng Pinakamakapangyarihang Diyos. Hanggang sa, ito’y nakarating na sa isang lugar hanggang sa ang mismong mga gawa na isinakatuparan ni Jesus ay agad na nagpapatunay ng sarili nito sa Iglesia ngayon. Malapit na tayo, mga kaibigan.

⁴³ Hayaang tumigil ako rito, sa ilang sandali lang, upang alamin kung para ano’t inilagay ng Diyos ang Banal na Espiritu sa Iglesia, bigyan kayo ng isa pang tipo nang sa gayo’y malalaman ninyo. Noon sa Lumang Tipan, kapag ang isang—isang anak. . .

Ginawan ng isang lalaki ang kanyang sarili ng isang tahanan. Kinuha niya ang kanyang nobya, iyan ang unang bagay.

Pagkatapos ay naging isang dakilang tao siya, tulad ng isang organisasyon. Iyan ay naging mainam.

Ang kasunod na bagay na nangyari, ay may dumating na isang kapanganakan sa tahananang iyan. Iya’y kung kailan ang Banal na Espiritu, kita n’yo, isa pang espiritu ang dumating, samakatuwid baga’y isang anak na lalaki. Ang anak na lalaking iyan, siya ay hindi nangangasiwa nang lahatan, ni siya ma’y hindi isang tagapagmana hanggang sa siya’y dumating sa hustong gulang. At siya’y kinakailangang mapatunayan, muna. Oo.

At pagkatapos ay mayroon silang kautusan ng pagkukupkop. Sa inyong mga ministro, “ang paglalagay ng isang anak na lalaki,” ay ang siyang isinasalaysay ko ngayon, kita n’yo, kung gayon kapag siya’y dumating sa isang lugar kung saan siya kinupkop. Nagbigay si Jesus ng isang magandang halimbawa nito, sa Bundok ng Pagbabagong-anyo.

⁴⁴ Gaya ng sinabi ko, kailanma’y hindi lalabas ang Diyos sa Kanyang mga kautusan upang gumawa ng kahit ano.

Kung mayroon kayong poso arteslyano sa burol na *ito*, na binubuga ang lahat ng tubig sa papawirin. At sa isa namang burol na *ito* sa banda *rito*, ay may nasusunog kang mga pananim. Maaari kang tumayo sa ibabaw nitong burol at sumigaw ng, “Naku, tubig, tumakbo ka banda rito at tubigan ang aking mga pananim! Naku, tubig, pumunta ka sa aking mga pananim!” Hindi nito magagawa iyon. Ngunit kung ika’y gagawa ayon sa mga batas ng grabitasyon, matutubigan mo ang mga pananim na iyan.

⁴⁵ Mayroon kang isang maysakit na lalaking nakahiga rito, o isang makasalanang nakahiga rito, o isang lalaking nagnanais na maiwasto, hindi maitigil ang panginginom, hindi maitigil ang paninigarilyo, hindi maitigil ang masasamang pita at kung anu-ano pa. Kung kikilos lamang kayo ayon sa mga kautusan ng Diyos, hayaang pumasok doon ang Banal na Espiritu, nang sa gayo’y hindi na siya ang sarili niya. Siya, ititigil niya ang bagay na iyan, dahil pinangungunahan na siya ng Banal na Espiritu. Subalit kinakailangan mong gumawa ayon sa mga kautusan ng Diyos, sa mga alituntunin ng Diyos.

⁴⁶ Ngayon, sa Lumang Tipan, nang ipanganak ang sanggol na *ito*, sinubaybayan nila *ito*, upang makita kung paano *ito* kumilos, asal.

Pagkatapos ang ama, sa pagiging isang dakilang mangangalakal nang panahong *ito*, marahil ay nasa kanyang mga apatnapu o mga limampu, hindi siya nagkaroon ng panahon upang turuan ang sanggol na *ito*, nang sarili niya, kung kaya’t kumuha siya. . . Noong mga araw na iyon ay wala silang mga pampublikong paaralan gaya ng mayroon na sila ngayon, kaya kumuha sila ng kung anong tinatawag nilang isang “pribadong guro,” o isang “tagapag-alaga,” guro. At ang gurong *ito* ay ang pinakamagaling na makukuha niya, nang sa gayo’y magiging matapat siya at sasabihin sa ama ang katotohanan tungkol dito.

⁴⁷ At pagkatapos kapag ang batang lalaking *ito*’y umabot na sa isang takdang gulang, sabihin nating, husto na siya sa gulang. Kung ang batang lalaking iyan ay sadyang isang taksil, walang kabutihin, walang pakialam sa gawain ng ama; ang tanging iniisip niya ay ang pakikipaglandian at pakikipaghabulan sa mga kababaihan, o—o panginginom, o pagsusugal, o pakikipagkarera ng kabayo; ang batang lalaking

iyang ay mananatiling isang anak na lalaki, ngunit kailanma'y hindi siya nailagay sa katungkulan upang magkaroon ng tagapagmana sa lahat ng nasa sa kanyang ama.

Subalit kung siya ay isang mabuting binata, at siya'y handa na sa gawain ng kanyang ama, at siya'y napatunayan na siyang tunay na anak, kung gayo'y nagkakaroon sila ng isang seremonya. Inilabas nila ang binata sa kalye at binihisan siya ng puting balabal, at kanilang iniupo siya sa ibabaw ng isang tuntungang tablado nang sa gayo'y maaaring makita ng buong bayan. Nagdaos sila ng isang pista at isang pagsasaya, at ang ama pagkatapos ay nagkaroon ng seremonya ng pagkukupkop. Kinupkop niya ang kanyang sariling anak sa kanyang sariling gawain, at pagkatapos ay naging kapwa-pantay ang anak sa kanyang ama. Sa ibang salita, kung ito'y sa ngayon, ang pangalan ng anak sa tseke ay kasing inam ng sa tatay.

⁴⁸ Ngayo'y masdan kung ano ang ginawa ng Diyos. Nang isilang ang Kanyang Anak, pinabayaan Niya Siyang humayo sa loob ng tatlung taon, sinusulit Siya, sinusubok Siya. Pagkatapos ay binigyan Niya Siya ng tatlong taong mahirap na pagsubok. At pagkatapos sa dulo ng mahirap na pagsubok, nang makita na Niya na ang Kanyang Anak ay handa na sa gawain ng Ama; Bundok ng Pagbabagong-anyo, Aklat ni Lucas; Kanyang isinama sina Pedro, Santiago, at Juan, tatlong saksi, at umakyat sa tuktok ng bundok, at doo'y isinagawa ng Diyos ang mga kautusan ng pagkukupkop. Siya . . . Sila'y tumingala at nakita nila si Jesus, at ang Kanyang damit ay nagniningning na kasing puti ng kidlat. At habang ang isang Ulap ay lumilim sa Kanya, at isang Tinig ang lumabas mula sa Ulap, at nagsabi, "Ito ang Aking sinisintang Anak; pakinggan ninyo Siya. Ako'y luluklok na ngayon at wala ng masasabi pa. Ang sinasabi Niya ay kautusan at Katotohanan."

⁴⁹ Ngayon ang iglesya'y dumating sa pamamagitan ng mga paaralang iyon. Siya'y nag-asawa dati roon, mahabang panahon na ang nakalilipas, at naging isang denominasyon, isang organisasyon. Ngunit, inyong pansinin, ang Kapanganaka'y nagbunga ng iba pa. At ngayo'y nakarating na ito sa isang dako kung saan ang iglesyang Pentecostal, kasama ang bagong Kapanganakan, ay nasulit at nasubukan na, at ngayo'y patungo na ito sa isang dako . . . Ang Diyos ay hindi nakikitungo sa Iglesya samantalang isang organisasyon lang. Hindi Siya nakikitungo sa Iglesya habang isang-isang grupo ng mga tao.

Siya'y nakikitungo sa Iglesya habang isang mga indibidwal, bawat indibidwal sa Iglesya. At ngayo'y dumating na ito sa isang panahon . . . At ito'y walang lihim; nakikita nating lahat ito. Kapag ang isang tao'y nagpapatunay, at siya'y iniibig ng Diyos, siya'y isinasama Niya sa Kanyang Sarili sa kung saang dako. Doon sa harap ng mga Anghel ay may ginagawa

Siya para sa kanya. Siya'y inaangat Niya roon sa itaas sa Presensiya ng Diyos, at binibigyang-kaloob siya, at pinupuspos siya, at sinisimulan siyang paglakbayin. Iyan ang kapanahunang kinapamumuhayan natin.

⁵⁰ Ang gayon ding Banal na Espiritu na nagligtas sa mga Lutheran; na nagpabanal sa mga Metodista; na nagbautismo sa mga Pentecostal; ay naghahanda na ngayon sa Pagdating ng Panginoong Jesus. Kung kailan, ito'y magiging napakamakapangyarihan, ang Katawang iyan, ay magtutungo sa Grupong ito, isang Iglesya, na huhugutin ang iba pa sa kanila mula sa libingan. Magkakaroon ng isang pagkabuhay na mag-uli. Para diyan ang Banal na Espiritu. Ano ang Banal na Espiritu? "Kung wala tayo hindi sila magagawang sakdal." Nabuhay sila sa isang panahon, sa ilalim niyan. Tayo'y nabubuhay naman sa ibang panahon.

"Kapag dumating ang kaaway na tulad sa isang baha, Ako'y . . . ang Espiritu ng Diyos ay magtatayo ng isang katapat laban dito." Kita n'yo? Tayo'y nasa panahon ngayon . . .

⁵¹ Noong nakaraan, ay hindi sila nangangalahati sa dunong na gaya ngayon. Hindi sila makagawa ng isang bomba atomika o isang kotse. Hindi sila nagkaroon ng agham at mga bagay na mayroon tayo ngayon, subalit, at mga bagay ng mga mahihiwagang bagay; upang piling sabihing ang tao'y hinipang sama-sama, sa pamamagitan ng ilang alabok at iba pa, at gumawa ng ilang pagsusuri at sikaping patunayan ito, upang bumuo ng mga mapag-alinlangan mula sa mga tao.

Subalit ngayon, kapag kailangan natin Ito, ang Espiritu ng Diyos ay nagtatayo ng katapat. Ano ito? Ibinubuhos Niya ang Kanyang Espiritu. Pagkatapos, yaong mga nangagsisipahinga doon sa libingan, o sa ilalim ng altar ng Diyos, gaya ng isinasaad ng Kasulatan, ay sumisigaw ng, "Gaano katagal, Panginoon? Gaano katagal? Gaano pa katagal?" Ang Diyos ay naghihintay sa akin at sa inyo. Ang Iglesya'y naghihintay sa akin at sa inyo. Panahon ng pagkukupkop, kung kailan maibubuhos ng Diyos sa atin ang kabuuan Niya, Kapangyarihan Niya, Pagkabuhay na mag-uli Niya, na kapag ang Iglesya at si Cristo ay naging magkasamang malapit na malapit hanggang sa malantad si Cristo sa ating kalagitnaan, at binubuhay ang mga patay, at tayo'y sasama sa Pag-agaw.

⁵² Ngayo'y sasabihin natin, ipapakita pagkaraan ng ilang sandali, na yaon lamang na mga puspos ng Banal na Espiritu ang sasama sa Pag-agaw. "Sapagkat ang iba pa sa mga patay ay hindi nangabuhay sa loob ng isang libong taon." Iya'y tama. Mga taong puspos-ng-Banal-na-Espiritu lang ang tanging nakasama sa Pag-agaw. Ngayon, ipinagkaloob ng Diyos ang Banal na Espiritu . . .

⁵³ May isa pa akong Kasulatan dito, sa Juan 14:12. Iya'y isang talagang alam na alam na Kasulatan sa lahat ng mga tao rito sa tabernakulo.

Katotohanan, katotohanang, sinasabi ko sa inyo, Ang sumasampalataya sa akin . . .

Ngayon, huwag hayaang iyang salitang “sumasampalataya” ay humadlang nang bahagya sa inyo. Sa isang naturingang iglesya, sabihing, “Oo, ako’y sumasampalataya. Talaga, ako’y sumasampalatayang si Jesus Cristo ay Anak ng Diyos.” Ang diablo’y naniniwala sa gayon ding bagay. Iya’y tamang-tama. Sinasabi ng Biblia na siya nga.

Ngunit sinasabi ng Kasulatan, sa Juan, na, “Walang taong makatatawag kay Jesus na Cristo, kundi sa pamamagitan lamang ng Banal na Espiritu.” Ikaw na nga’y, sa katunayan, sa pamamagitan ng Kasulatan. . . Hayaang tumigil ako rito ng ilang sandali, bago ko tapusin ang pagbasa. Hindi ka napagbagong-loob hanggang sa matanggap mo na ang Banal na Espiritu. Iya’y tama.

⁵⁴ Ikaw ay sumasampalataya “sa.” Ang Banal na Espiritu ay nangusap sa iyo, at hayagan mo Siyang ipinahayag. Ang diablo’y may gayon ding bagay. “Ako’y sumasampalatayang Siya’y Anak ng Diyos.” Kaya gayon din ang diablo. Subalit ika’y patuloy na lumalakad patungo sa Kanya.

Nang, si Pedro’y tawagin na at inaring-ganap na, dahil sa pagsampalataya sa Panginoong Jesus Cristo; at sa Juan 17:17, pinabanal sila ni Jesus sa pamamagitan ng Salita, sapagkat ang Salita ang Katotohanan. At Siya ang Salita. Unang, Juan sinasabing, “Sa pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay sumasa Diyos, at ang Salita ay Diyos. At ang Salita’y nagkatawang-tao, at nanahan sa ating kalagitnaan.” Siya ang Salita, kung kaya’t pinabanal Niya sila. Sinabi Niya, “Ama,” na nakikipag-usap sa Espiritu na nasa Kanya, “Aking pinapabanal sila sa pamamagitan ng Salita,” ang Sarili Niya, sa pamamagitan ng pagpapatong ng Kanyang mga kamay sa kanila. “Ang Iyong Salita ang Katotohanan.” Sadyang ipinangusap lamang Siya sa pagkakaroon ng buhay, sa sinapupunan ng isang babae; oh, ganap na imposible para sa Kanya ang maging sa iba kung paraan kaysa sa Salitang ito ng Diyos upang Siya’y maihayag. “Aking pinapabanal sila.”

⁵⁵ Sila’y binigyan Niya ng kapangyarihan laban sa mga karumal-dumal na espiritu. Sila’y nagsipaghayo. Inilagay Niya ang kanilang mga pangalan sa Aklat ng Buhay ng Kordero. At pinahayo Niya sila, Juan. . . Mateo 10, at binigyan sila ng kapangyarihan laban sa mga karumal-dumal na espiritu; nagpalabas ng mga masasamang espiritu, at gumawa ng mga gawain, at iba pa. At sila’y nangagsibalik, na nagagalak, ang sabi, “Maging ang mga diablo’y nakapasailalim sa amin.”

Sinabi Niya, “Huwag kayong magalak dahil ang mga diablo’y nakapasailalim sa inyo; kundi magalak sapagkat ang inyong mga pangala’y nasa Aklat.” At si Judas ay kasama nila. Tingnan n’yo kung gaano siya kalapit na makakapunta; pataas mismo sa ikaaaring-ganap, ay tuluy-tuloy na nagtungo hanggang sa pagpapakabanal. Ngunit saan niya ipinakita ang kanyang liwanag? Saan niya ipinakita ang kanyang sarili? Bago mag-Pentecostes, ay ipinakita niya ang kanyang mga kulay.

⁵⁶ Abangan, ang espiritung iyan ay magiging sadyang kasing relihiyoso at sadyang kasing nagbabanal-banalang ng makakaya nga nito, hanggang sa ito’y dumating sa Banal na Espiritu, at puputulin nila Ito mula roon. Iyan ang espiritung iyan (hindi n’yo ba ito nauunawaan?), kumikilos pataas, ang anticristo. At sinabi ni Jesus, “Sila’y magiging kapuwa napakalapit, sa mga huling araw, lilinlangin nito ang mismong mga Hinirang kung maaari.” Ngunit, alalahanin, ang mga Hinirang lang ang makakakita nito.

Ang Diyos ay tumatawag sa pamamagitan ng paghirang. Kayo, hindi ba kayo nagagalak na kayo’y isa sa kanila? [Ang Kongregasyon ay nagsasabi, “Amen.”—Ed.] Hindi nga ba kayo, mga tao rito ngayong gabi, nalalamang may kung ano sa inyong puso na humihila, “Ninana ko ang Banal na Espiritung iyan. Ikaw ay ninana ko, Panginoon sa aking puso”? Iya’y sapagkat inilagay ng Diyos ang pangalan mo sa Aklat ng Buhay ng Kordero bago itinatag ang sanlibutan. Iyan ay sinabi Niya.

“Walang taong makalalapit sa Akin,” ang sabi ni Jesus, “malibang siya’y pinalapit na muna ng Aking Ama. At ang lahat na mga nagsisilapit sa Akin, sila’y bibigyan Ko ng Buhay na Walang Hanggan.” Ano ang Buhay na Walang Hanggan? Ang Banal na Espiritu. “Buhay na Walang Hanggan,” kunin ang salitang iyan at tingnan ito sa Griyego, at isinaad nito’y, *Zoe*. Ang *Zoe* ay ang Banal na Espiritu. “Ang lahat ng naibigay sa Akin ng Ama ay lalapit sa Akin. At ang lahat ng lumalapit sa Akin, ipagkakaloob Ko sa kanya ang Banal na Espiritu, at bubuhayin Ko siya sa huling araw. Gagawin Ko iyon,” sabi Niya. Hindi walang kung-at-mga at tungkol Dito. “Gagawin Ko. Ang lahat ng lumalapit; at Ako’y nagbibigay ng Buhay na Walang Hanggan.” Kakailanganin niyang mabuhay, pagkat mayroon siyang Buhay na Walang Hanggan. Kinakailangan niyang lumapit. Hindi na maaaring mamatay malibang ang Diyos ay maaaring mamatay.

⁵⁷ Oh, mga minamahal kong kaibigan mula sa palibot ng bansang ito at sa maliit na lungsod na ito, kung maaari ko lamang, sa aking tinig na pantao, na mailagay sa inyong puso ang kahalagahan ng pagtanggap ng bautismo ng Banal na Espiritu, ito’y magiging siyang pinaka kahanga-hangang kapahayagan na inyong natanggap na sa buhay ninyo. Ang makita kung ano. . . Kailangang-kailangang gawin ninyo ito.

Hayaang liwanagin ko iyan, ang tungkol sa, “Ika’y hindi napagbagong-loob.”

⁵⁸ Si Pedro ay nailigtas. Siya’y naniwala sa Panginoon, sinundan Siya. Sinabi sa kanya ni Jesus kung sino siya, nakuha siya upang pasunurin sa Kanya. Binigyan Niya siya ng kapangyarihan laban sa mga karumal-dumal na espiritu at pinabanal siya. Ngunit pagkatapos ng lahat ng iyan, at naging punong tagapagsalita ng grupo; gaya ng nanaising tawagin ito ng mga Katoliko, “ang obispo ng iglesya, o ang papa,” o kung ano pa man ito, ang punong lalaki ng iglesya; gayunma’y sinabi ni Jesus, nung gabi ng kanyang pagkakanulo, “Iniibig mo ba ako, Pedro?”

At ang kanyang sinabi, “Panginoon, alam Mong Ikaw ay iniibig ko.”

Ang sabi, “Pakanin mo ang Aking tupa.” Sinabi Niya iyan nang tatlong beses.

At sinabi ni Pedro, “Alam Mong Ikaw ay iniibig ko, hanggang sa ako’y sumama sa Iyo sa—sa katapusan, at ako’y sasama sa Iyo hanggang sa kamatayan,” at iba pa.

⁵⁹ Sinabi Niya, “Bago nakatilaok ang tandang nang tatlong ulit, ika’y... bago tumilaok ang tandang, tatlong ulit mo na Akong itinatwa.” Sinabi Niya, “Ngunit, Pedro, Ako’y nakapanalangin na para sa iyo.” Makinig. Iya’y hindi lamang iyon. “Ako’y nakapanalangin na para sa iyo. At matapos na ikaw ay napagbagong-loob, ay saka mo papagtibayin ang iyong mga kapatid.”

“Matapos na ikaw ay napagbagong-loob.” Nakasigaw na siya. Malamang ay nakasayaw na siya sa Espiritu. Siya, nagawa na niya ang lahat ng uri ng mga bagay, ngunit hindi pa niya natatanggap ang Banal na Espiritu. “Matapos na ikaw ay napagbagong-loob, ay saka mo papagtibayin ang iyong mga kapatid,” iya’y totoo, “isakatuparan ang Kanyang plano.”

⁶⁰ Ngayoy hayaang tapusin ko ang pagbasa sa Juan 14:12. Ngayon sa ika-14 na kabanata at ika-12 talata, ay sinabi ni Jesus, “Katotohanan, katotohanan, na Aking sinasabi sa inyo, siya na sumasampalataya...” At hindi ka maaaring sumampalataya... “Sumampalataya sa Akin.” Maaari kang sumampalataya sa Kanya. Ilan ang nakauunawa niyan, sabihing, “Amen.” [Kongregasyon, “Amen.”—Ed.]

⁶¹ Naaalala ninyo, sa Mga Gawa 19. Ayaw kong itigil ito rito, ngunit sadyang kinakailangan kong sabihin ito sapagkat dumarating ito sa akin. Sa Mga Gawa sa ika-19 na kabanata, nang ang mangangaral na Baptist na ito, na isang—isang abogado at napagbagong-loob, at siya noo’y nangangaral at inaakay ang mga tao sa kaligtasan. At sila’y nagkaroon ng napakalaking kagalakan, nagsasaya lamang at nagsisigawan, nagdaraos ng isang pagtitipon. Ang Mga Gawa 18, sina Aquila

at Priscilla, ay binanggit na natin ito kagabi, at sila'y nagsipunta upang makita siya. At alam nilang siya ay isang dakilang lalaki, at siya ay isang mag-aaral. At pinatotohanan niya sa pamamagitan ng Biblia na si Jesus ay Anak ng Diyos, nang nalalaman lang ang bautismo ni Juan. Hindi pa niya alam ang bautismo ng Banal na Espiritu. Kung kaya't sinabi niya . . .

Sina Aquila at Priscilla, ang mag-asawang iyan, mga mumunting tagagawa ng tolda; na, si Pablo ay isang tagagawa ng tolda, rin. At natanggap nila ang Banal na Espiritu sa ilalim ng aral ni Pablo. Sinabi nila, "Mayroon tayong isang munting kapatirang lalaki na papadating na rito. Hayaang makipag-usap siya sa atin nang kaunti tungkol dito."

At nang si Pablo'y dumating at narinig siyang mangaral, nalamang siya'y isang dakilang lalaki, ay kanyang sinabi, "Natanggap na ba ninyo ang Banal na Espiritu mula nang kayo'y makapanampalataya?"

Sinabi nila, "Hindi namin alam na may . . .kung mayroon bang kahit anong Banal na Espiritu."

Sinabi niya, "Kung gayo'y sa anong," o ang tunay na salitang Griyego diyan ay, "sa papaanong paraan kayo nabautismuhan?"

Ang sabi nila, "Kami'y nabautismuhan na ni Juan Bautista."

⁶² Ngayo'y masdan kung ano ang sinabi ni Pablo. Sinabi ni Pablo, na, "Katotohanan ngang nagbautismo si Juan sa pagsisisi; hindi para sa kapatawaran ng mga kasalanan, kundi sa pagsisisi, na sinasabing, iya'y kung ano ang inyong sinampalatayanan."

Kapag tinanggap ninyo si Cristo bilang inyong sariling Tagapagligtas, kayo ay sumasampalataya patungo sa bautismo ng Banal na Espiritu. Hindi iyan ang bautismo ng Banal na Espiritu, mga minamahala kong kapatid na Baptist. Ito ay mali.

Isang kapatirang lalaki ang nagsabi sa akin nung nakaraang araw, sabi, "Kapatid na Branham," o ilang panahon ang nakalipas, mga buwan ang nakalilipas, ang sabi niya, "Kapatid na Branham, sinampalatayanan ni Abraham ang Diyos, at iyon ay ibinilang sa kanya para sa kabanalan."

Ang sabi ko, "Tunay nga."

Sabi, "Ano pa ba ang magagawa ng isang tao kundi sumampalataya?"

⁶³ Sinabi ko, "Iyan lang ang magagawa ng isang tao. Iyan lang ang magagawa ng isang tao ngayon, ay sampalatayanan ang Diyos. Ngunit ang Diyos ay nagbigay sa kanya ng isang tatak ng pagtutuli," na ating tinungo kagabi, "bilang isang tanda na tinanggap na Niya ang kanyang pananampalataya sa Kanya." At, sa araw na ito, hanggang sa ang Diyos . . .

Sumasampalataya kayo sa Kanya kapag tinatanggap ninyo Siya bilang inyong sariling Tagapagligtas. Ngunit kapag

ibinibigay ng Diyos sa inyo ang tatak ng Banal na Espiritu, kayo ay itinatak Niya sa inyong Walang Hanggang paroroonan. Ngayon iyan ay tanggapin ninyong mga Baptist, at ako'y sasama sa inyo sa Walang Hanggang kasiguruhan. Opo, ginoo. Sapagkat, "Huwag pamighatiin ang Banal na Espiritu ng Diyos, kung papaanong kayo'y tinatakan hanggang sa araw ng inyong pagkatubos." Kayo ay hindi tinatakan ng pagsampalataya sa, kundi tinatakan ng Banal na Espiritu. Mga Taga Efeso 4:30, "Huwag pamighatiin ang Banal na Espiritu ng Diyos, kung papaanong kayo'y tinatakan hanggang sa araw ng inyong pagkatubos." Tinatatakan ka niyan, kapag ika'y nakasumpong ng biyaya sa Diyos, at tinatakan ka Niya sa pamamagitan ng Banal na Espiritu.

Iya'y totoo, pagkat ang sabi ng Biblia, "Walang taong maaaring tumawag kay Jesus na Cristo, sa pamamagitan lamang ng Banal na Espiritu."

⁶⁴ Sinasabi mo, "Sinampalatayanan ko ito dahil sinabi talaga ng pastor." Siya'y tama, ngunit iyan ay hindi ibinibilang sa iyo. "Sinampalatayanan ko ito dahil sinabi talaga ng Salita." Iya'y tama, ngunit iyan ay hindi para sa iyo, hindi ka binibilang niyan.

Ang tanging paraan na maaari mong sabihing si Jesus ang Cristo, ay kapag ang Banal na Espiritu ay dumating sa iyo at nagpapatotoo, at pinatutunayan ang Sarili Nito, "Siya ay Anak ng Diyos." Iyan ang tanging paraang malalaman mo ang pagkabuhay na mag-uli, ay kapag ang Banal na Espiritu ay nagpapatotoo. "Kapag dumating ang Banal na Espiritu, Siya ay magpapatotoo tungkol sa Akin, magpapakita sa inyo ng mga bagay na darating; ihahatid ang mga bagay na ito, na Aking sinabi, sa inyong mga alaala." Kailan ma'y hindi ninyo ito matatagpuan sa paaralan. Kita n'yo? Ihahatid Niya ang mga bagay na ito sa inyong mga alaala.

⁶⁵ Ngayon'y nais nating bumasa nang kaunti pa sa Kasulatang ito ngayon, San Juan 14:12.

Katotohanan, katotohanan, na Aking sinasabi sa inyo, Ang sa Akin ay sumasampalataya, ay gagawin din naman niya ang mga gawang aking ginagawa; at lalong dakila . . .

Na, ang tamang pagsasaling-wika diyan ay "mas marami," kung nais ninyong hanapin ito.

. . . lalong dakilang mga gawa kaysa sa mga ito ang gagawin niya; sapagkat ako'y paroroon sa Ama.

⁶⁶ Kung Siya'y pumaroon sa Ama, ang Banal na Espiritu ay darating. Tama ba 'yan? Isa pang Kasulatan ang nagsaad, "Kung Ako ay hindi aalis, ang Mang-aaliw ay hindi darating. Ngunit kung Ako'y aalis, Ako'y muling magbabalik at makakasama ninyo, maging pasasa inyo." Kita n'yo, ito'y ang Diyos na nasa

inyo. Nangunguna sa inyo, muna; kasama ninyo, kay Cristo; sa inyo, sa Banal na Espiritu. Ito'y ang Diyos na nasa inyo.

⁶⁷ Ngayon, “Ang mga gawang Aking ginagawa ay gagawin din naman ninyo,” hindi iba na namang gawa. Kundi ninanais ng Diyos na ihatid ang Banal na Espiritu, sa inyo, nang sa gayo'y maipagpatuloy ang gayon ding gawain na Kanyang ginagawa kay Cristo.

Ang gawai'y hindi masyadong nangangailangan noong panahon ni Luther. Yaon ay Iglesya ng Diyos. Ito'y hindi. . . Medyo mas higit pang nangangailangan noong panahon ni Wesley.

Sapagkat, “Ang sanlibutan,” ang sabi ng Biblia, “ay magiging mas mahina, at mas matalino, at higit na napakasama sa lahat ng oras.” Tayo'y. . . Ang sanlibuta'y nagiging higit na napakasama lahat. . . Alam natin iyan. Aba, ginagawa ng tao ngayon ang mga bagay na, isandaang taon ang nakalilipas ay hindi mo aakalaing magkakaroon ng isang taong ganyan kasama. “Higit na napakasama sa lahat ng oras, at ang mga napakasama ay gagawa ng higit na napakasama, sa lahat ng oras,” ang sabi ng Kasulatan, “paparami nang paparami.”

⁶⁸ Kaya, ang Banal na Espiritu ay matagal nang kumikilos. May kaunting hininga lang Nito kay Luther; at kaunting ihip Nito kay Wesley; at isang higit na malalim na ihip Nito sa Pentecostes; ngayon ang hininga at ang Espiritu ay naging magkatulad. Sama-sama Siyang pinagkakaisa, inilalabas iyang gayon ding makapangyarihang ihip ng Banal na Espiritu gaya ng ginawa Niya noong nakaraan doon, ay nagpapakita ng gayon ding mga gawa na Kanyang ginawa noong nakaraan doon, ay ipinapakita mismo ngayon, ang gayon ding bagay.

⁶⁹ Masdan kung ano ang sinabi ni Jesus. “Katotohanan, katotohanang sinasabi Ko sa inyo, ang Anak ay walang magagawa malibang Kanyang makita ang Ama na ginagawa muna ito. Kung ano ang ginagawa ng Ama, ay Kanyang ipinapakita sa Anak. Ang Ama ay nananahan sa Akin; Siya ang gumagawa ng mga gawa.” Kita n'yo?

⁷⁰ Ngayo'y pansinin, heto ang isa pang bagay na gusto kong sabihin agad dito. “Gaya ng,” ang sabi ni Jesus, “gaya ng isinugo Ako ng Ama. Gaya ng,” ngayo'y masdan, “gaya ng isinugo Ako ng Ama, gayundi'y isinusugo Ko kayo.” “Gaya ng Ama. . .” Papaano Siya isinugo ng Ama? Ang Ama, na nagsugo sa Kanya, ay nanaog mula sa Langit at nanahan sa Kanya.

Siya'y nagpatuloy. Sinabi niya, “Palagi Kong ginagawa ang siyang nakapagpapalugod sa aking Ama.” Kita n'yo? Siya'y humayong ginagawa ang mga bagay na ipinakikita ng Ama na Kanyang gawin. “Ako'y walang ginagawa malibang ipakita muna sa Akin ng Ama.” Ang Diyos na nagsugo sa Kanya, ay nasasa loob Niya. “At gaya ng isinugo Ako ng Ama, sa gayon

ding paraang isinugo Ako ng Ama, gayundi'y isinusugo Ko kayo." Ano ito? Ang Diyos ay nasa inyo, ipinagpapatuloy (ang ano?) ang gayon ding mga gawa, ang gayon din.

Ang sabi ni Jesus, "Ang . . . siya na *sumasampalataya*, siya na taglay Ako sa loob niya, ang Banal na Espiritu; siya na *sumasampalataya*, na nakasaksi na sa Aking pagkabuhay na mag-uli, ay nalalamang Ako ay nasa kanya. Siya na nasa Akin; kung ikaw ay nananatili sa Akin, ang mga Salita Ko ay nananatili sa iyo."

⁷¹ Ngayo'y sinasabi mo, "Ako'y nananatili kay Jesus; pero ako'y siguradong hindi naniniwala sa Banal na pagpapagaling." Ipinakikita niyan na Siya'y wala riyan.

⁷² "Ako'y naniniwala kay Jesus; hindi ako naniniwala sa Banal na Espiritu sa panahong ito, hindi tulad nung taglay nila Ito noon doon." Ipinakikita niyan na Siya'y wala riyan.

⁷³ Ang Banal na Espiritu ang magpapatotoo sa bawat Salitang binigkas Nito. Siya ay hindi isang sinungaling. Siya'y hindi takot sa kaninuman o alinmang organisasyon. Hindi Niya kinakailangang umasa para sa kininuman. Siya'y nangungusap, at pagkatapos ay nananatili siya dito.

Kung ang mga matataas, at mga marurumi, at mga edukado, o gaya ng itatawag natin ditong, mga masalapi, kung ayaw nilang tanggapin Ito, "Makapagpapalitaw ang Diyos ng mga anak ni Abraham sa mga batong ito." Kukuha Siya ng mga masasamang-loob, at mga nagpupuslit ng alak, at lahat ng iba pa, at palilitawin ito. Magagawa ito ng Diyos, at kasalukuyan Niyang ginagawa ito. "Makapagpapalitaw ang Diyos ng mga anak ni Abraham sa mga batong ito." May Isang gagawa nito, pagkat Siya'y Diyos.

⁷⁴ "Kung kayo'y nananatili sa Akin, at ang Aking mga Salita'y nasa inyo, hilingin ang inyong hihingin," sapagkat hinihingi ninyo ang Kanyang Salita, at ang Kanyang Salita ay Buhay. Ipangusap ito. Kung sinabi ito ng Diyos, at kayo'y nakatitiyak na sinabi nga Niya ito, ang Banal na Espiritu ay nagpapatotoong ang Salitang iyan ay tama, kung gayon, hayan ka na, kapatid. Ipangusap ito; hayun na ito. "Sabihin sa bundok na ito, 'Lumipat ka.' Huwag mag-alinlangan sa inyong puso, kundi manampalatayang kung ano ang sinabi ninyo'y magaganap." [Pumalampak si Kapatid na Branham nang tatlong beses—Ed.] Hindi kayo na nangungusap, kundi ang Ama na nananahan sa inyo; Siya ang gumagawa ng pagsasalita. Ito'y hindi kayo na nangungusap sa bundok na iyan, ito'y ang Ama na nasa sa inyo, na nakikipag-usap sa bundok na iyan. Kinakailangan nitong lumipat. "Ang lahat ng mga kalangitan at lupa ay lilipas," ang sabi Niya, "ngunit ang Aking Espiritu ay hindi . . . o ang Aking Salita ay hindi lilipas." Tiyak, Ito'y hindi maaaring lumipas. Ama!

75 Ngayon, “Ang mga gawang Aking ginagawa.” Ang Diyos ay nasa Iglesya Niya, upang ipagpatuloy ang Kanyang mga gawa. Iyan ang dahilan kung bakit Niya isinugo ang Banal na Espiritu. Ngayon, alam na Niya iyan. Siya, alam na Niyang ito’y hindi magiging, ito’y hindi magagawa sa ganyang paraan, gayundin sa pamamagitan ng ibang paraan, kung kaya’t kinailangan Niyang magsugo. Isinugo ng Ama ang Anak, inilagay ang lahat ng nasa pon- . . . Anak sa inyo. At ang gayon ding mga gawang Kanyang ginawa, ang gayon din mismong mga gawa ngayon na ginawa ni Jesus, ay gagawin n’yo rin, ng Iglesya.

Hindi ba ninyo gustong gawin ang mga gawa ng Diyos? [Kongregasyon, “Amen.”—Ed.] Ang sabi ni Jesus, “Kung nais n’yong gawin ang mga gawa ng Diyos, sumampalataya kayo sa Akin.” Paano kayo sumasampalataya sa Kanya? Hindi n’yo ito magagawa hanggang sa taglayin ninyo ang Banal na Espiritu.

76 Dahil, walang taong makapagsasabing Siya ay Anak ng Diyos; sinasabi ninyo kung ano ang sinabi ng isa pa. “Sinabi ng Biblia na Siya’y Anak ng Diyos; sinasampalatayanan ko ang Biblia.” Tama. “Sinasabi ng Biblia na Siya’y Anak ng Diyos; sinasampalatayanan ko ang Biblia. Sinasabi ng pastor na Siya’y Anak ng Diyos; pinaniniwalaan ko ang pastor. Sinasabi ni mama na Siya’y Anak ng Diyos; pinaniniwalaan ko si mama. Sinasabi ng aking kaibigan na Siya’y Anak ng Diyos; pinaniniwalaan ko ang aking kaibigan.”

Ngunit ang tanging paraan na maaari kong sabihing Siya’y Anak ng Diyos, ay kapag pumasok ang Banal na Espiritu at pinatotohanan ang Kanyang Sarili, kung gayo’y alam kong Siya’y Anak ng Diyos. [Si Kapatid na Branham ay kumatok sa pulpito nang apat na beses—Ed.] “Walang taong maaaring tawagin si Jesus na ‘Cristo,’ kundi sa pamamagitan lamang ng Banal na Espiritu.”

77 Ha! Walang taong nagsasalita sa pamamagitan ng Espiritu ng Diyos ang tumawag kay Jesus na sinumpa, o magsasabing Siya ay kung ano nang araw na iyon at isa na namang kung ano ngayon. Siya’y ginagawa niyan na mahina at nag-aatubili. Hindi po, ginoo.

Siya’y ang gayon ding kahapon, ngayon, at magpakailanman. Patotohanan iyan ng anumang tunay na espiritu. Tama.

78 Ngayon, ang sabi Niya, “Ang mga gawang ito na Aking ginagawa ay inyo ring gagawin,” Juan 14:12, ngayon, ang gayun ding mga gawa.

“Naku,” ang sabi nila, “ang iglesya’y gumagawa ng isang higit na dakilang gawa ngayon.” Sa papaanong paraan?

Ang sabi Niya, “Ang mga gawang Aking ginagawa.”

“Iyan,” sabi nila, “aba, may mga misyonero kami sa buong mundo, iya’y isang higit na dakilang gawa.”

⁷⁹ Ngunit ang sabi Niya, “Ang mga gawang Aking ginagawa.” Ngayoy gawin ang mga yaon, gawin muna ang mga yaon, saka lang magsalita tungkol sa mga misyonero.

⁸⁰ Ngayon, nagsasalita rito kamakailan lang tungkol sa isang Mohammedan, ang sabi niya, “Patay na si Mohammed.”

“Iya’y tama, siya’y nasa libingan, ngunit balang araw ay babangon siya.” Sabi niya, “Kung siya’y babangon mula sa libingan, ay malalaman ito ng buong mundo sa loob ng dalawampu’t apat na oras.” Sabi niya, “Kayong mga tao’y nagsasabing si Jesus ay matagal nang binuhay sa loob ng dalawang libong taon, at ni isang-katlo ng mga tao’y hindi pa ito nalalaman.”

Iya’y sa dahilang nagsalita ka mula sa intelektuwal na pananaw ukol dito. Ikaw ay nagsalita mula sa isang paniniwala ng paaralan o edukasyon.

Kung ang buong ito, na dakilang iglesia ng Diyos, binibilang ang Katoliko, Protestante, sama-samang lahat, ay nakatanggap ng Banal na Espiritu, ang mundong ito’y tinitipong buo sa Kristiyanismo; walang magiging gayong bagay na tulad ng komunismo; walang magiging gayong bagay na tulad ng alitan, o awayan, o kaimbihan, o pagkasuklam. Si Jesus ay luluklok sa Kanyang Trono, at tayo’y lalakad sa mga paraiso ng Diyos, na may Walang Hanggang Buhay, nabubuhay magpakailanman; nabuhay nang mag-uli sa isang bagong katawan, lumalakad sa paligid, kailanma’y hindi na tatanda, kailanma’y hindi na puputi ang buhok, kailanma’y hindi na magkakasakit, kailanma’y hindi na magugutom; lumalakad sa mga kagalakan ng Panginoon, nakikipag-usap sa mga hayop. At, oh, anong araw! Ngunit nagawa na natin ang lahat ng iba pa bukod sa kung ano ang Kanyang. . .

⁸¹ Sinabi Niya, “Magsihayo kayo sa buong mundo at ipangaral ang Ebanghelyo.” Ano ang gawa ng Ebanghelyo? “Hindi lamang Salita, kundi sa pamamagitan ng Kapangyarihan at mga pagpapatunay ng Banal na Espiritu.” Ang pagkapahayag sa Salita ng Diyos, ay Ebanghelyo.

⁸² Hindi mo magagawa iyon. Ngayon, alam ni Jesus ’yan, na kinailangan Niyang manahan sa Kanyang Iglesia.

Kung gayon, alam Niyang magkakaroon tayo ng mga intelektuwal na paaralan. At hindi ninyo makukuha Ito sa isang intelektuwal na paaralan. Magiging laban sila Dito. Dahil, ang alam lang nila ay karunungan ng kung sinong matalinong tao, kung anong kredo o denominasyong nais nila na—na pamuhayan. Kaya sila’y—kanilang itataguyod ka sa ganyan at gagawin kang isang miyembro ng pangkat na iyan, at, kapatid, sisipiin ang ilang mga bagay sa iyo mula sa isang

kredo na magmimistulang parang ito'y sadyang tamang lahat. "Ang dakilang banal na iglesya, ang ina, ito'y tumindig sa isang napakaraming palo, ito'y tumindig sa isang napakaraming suntok." Gayon din ang diablo; matagal na siyang sinipa sa lahat ng dakong mayroon nga, halos, at gayon din lang ay nagpapatuloy pa rin siya. Opo, ginoo. Naku, sisikapin nilang sipiin ang mga ito.

⁸³ Kaya alam ni Jesus na magkakaroon ng isang malaking intelektuwal na pagkilos tulad lang ng nagkaroon noong mga araw Niya, sa isang paghuhugas ng mga palayok at mga kawali, at pagsusuot ng mga damit, at mga binaligtad na kuwelyo, at gaya ng lahat ng ginawa nila, ang lahat ng iba't-ibang mga bagay na ito na gagawin nila. Alam Niyang gagawin nila iyan, kaya sinabi Niya, "Ngayo'y maghintay lang kayo sandali. Hindi Ko kayo iiwang walang mang-aaliw, Ako'y babalik na muli upang makasama ninyo. Kung gayon," sabi Niya, "ang mga gawang Aking ginagawa, ay gagawin n'yo rin."

⁸⁴ Ang layunin ng pagsusugo ng Banal na Espiritu ay upang makapagpatuloy ang Diyos sa isang pulutong ng mga tao, nang sa gayo'y patuloy na mahayag ang Diyos sa sanlibutan. Iya'y tamang-tama. Hindi ng isang kredo, hindi ng isang denominasyon; kundi ng Kapangyarihan ng Kanyang pagkabuhay na mag-uli, sa pamamagitan ng paggawang-makatotohanan sa Kanyang Salita; sa pamamagitan ng pagkuha ng Kanyang pangako, at pagtindig sa panig ng mga kakaunti, at pagsampalataya sa Diyos; at abangang umurong ang mga maiitim na kalangitan, at ang Kapangyarihan ng Diyos na pumapasok at nangunguna. Amen. Iyan ang nais Niya. Isinugo ang Banal na Espiritu para diyan. Isinugo Niya Ito para sa layuning iyan. Alam natin kung ano Ito ngayon, at iyan ang dahilan kung bakit Niya isinugo Ito.

⁸⁵ Kung gayon, walang ibang dugo ang makapagpapabanal sa mga tao. Hindi ko kayo mapapabanal, at hindi ninyo ako mapapabanal, pagkat kapwa tayo isinilang mula sa pakikipagtalik. Ngunit si Jesus ay isinilang nang walang pagtatalik, iya'y tama, kung kaya't ang Kanyang Dugo ang siyang tagapagpabanal. At ang Diyos ay nanaog, lumikha ng isang katawan, nanahan dito, ibinuhos ang Dugong iyan para sa pagpapabanal nito, na lubusang nagtanggap ng pagkakasala ng kasalanan at kahihyan. Pagkatapos, sa pamamagitan ng pananampalataya, sumasampalataya sa Ganyan, ay nanaog mismo diyan sa katawang-tao ang Diyos, sa pagpapabanal ng Dugong iyan, inilalagay siya sa Binhi ni Abraham, sa pamamagitan ng pananampalataya.

⁸⁶ Ang sumampalataya na ang Dugong iyan ay darating, ang purong Dugong iyan na magiging isang himalang tulad ng kanyang dugo, ay lumakad sa banda roon matapos na "siya'y halos gaya sa isang patay." Sinampalatayanan ang Diyos sa loob

ng dalawampu't limang taon, siya na pitumpu't limang taong gulang, at sumampalataya hanggang sa siya ay isandaan na. At si Sarah, animnapu't lima, at sumampalataya hanggang sa siya ay siyamnapu na. "At siya noo'y isang tulad sa isang patay."

At sinabi ng Diyos, "Nang sa gayo'y hindi tiyak na ito'y di-makikita ng mga tao, dalhin siya rito sa ibabaw ng burol at ialay siya para sa isang paghahandog."

⁸⁷ Sinabi niya sa mga utusan, "Tumayo kayo ritong kasama ang mola at maghintay. Ang anak at ako ay paroroon at sasamba, at ang anak at ako ay magbabalik." Oh, paano niya gagawin iyon?

Sinabi ni Abraham, "Tinanggap ko siyang tulad ng isang mula sa mga patay. At nalalaman kong Siya na sa aki'y ipinagkaloob siya, na tulad ng isang mula sa mga patay, ay makapagpapabangon sa kanya mula sa mga patay kung tutuparin ko lamang ang Kanyang Salita. Tuparin, tinutupad ko ang Kanyang Salita; Siya ay makapagpapabangon sa kanya mula sa mga patay."

⁸⁸ Ganap na nagsasalita ukol kay Cristo! Hayun nga Siya. At sa Dugong selulang iyan ay lumabas ang Banal na Espiritu, na nagbuklod sa Sarili Nito sa isang katawang tinatawag na Jesus. Pinabanal ng Dugong iyan ang isang paraan, sa pamamagitan ng pananampalataya, upang tawagin ang mga tinubos, o ang mga Hinirang ng Diyos. At kapag tinanggap na ninyo Iyan, at natanggal na ng Banal na Espiritu ang lahat ng kaimbihan mula sa inyo, ay pumapasok agad Siya, ang Diyos Mismo, upang gawin ang Kanyang kalooban.

⁸⁹ Sa ibaba rito, ang sakim na tagapamahalang iyan ay masungit; at itong isa namang matandang *kuwan* sa banda rito ay gumagawa ng *kuwan*; at itong matandang lalaking nagsasalita tungkol Dito, laban Dito. Ang isang taong puspos ng Banal na Espiritu ay titindig mismo sa harap nito. Amen.

⁹⁰ "At sila'y nakinig. Sila ay mga mangmang at walang pinag-aralan, ngunit nakinig silang matagal nang nakasama nila si Jesus." Dumarating ang Banal na Espiritu para diyan.

⁹¹ Isang munting matandang mangingisda'y hindi mailagda ang kanyang pangalan. Ngunit tumayo siya roon at nagsabi, "Sino ang aming paniniwalaan, ang tao o ang Diyos?" Amen. [Ipinalakpak ni Kapatid na Branham ang kanyang kamay nang isang beses—Ed.] "Hayaang maipabatid sa inyo, kami'y mangangaral pa rin sa Pangalan ni Jesus." Oh, anong katapangan! Alam Niyang siya—siya ay may isang Tahanan sa banda roon. Iya'y tama. Siya ay isang peregrino at isang estranghero dito. Siya ay naghahanap sa Bayang darating.

Ano ang naging ibig sabihin sa kanya ng ipokritong paring iyon? Siya ay nasa ilalim ng pagsakop ng Diyos mula sa Langit, na bumuhay sa Kanyang Anak, si Cristo Jesus, at pinuspos siya ng Espiritu ng Diyos na lumikha ng mga kalangitan at lupa.

Hayan na kayo. Siya'y hindi takot sa kanya. Hindi po, ginoo. Ang Kamatayan. . .

⁹² Bakit, nang ilabas nila ang munting matandang si Esteban doon, at nagsabi, "Ibalik n'yo ito!"

Sinabi niya, "Kayong mga matitigas ang ulo, at hindi tuli sa puso at mga tainga, lagi ninyong sinasalangasang ang Banal na Espiritu. Tulad ng ginawa ng inyong mga ama, ay gayun din kayo."

Ang sabi nila, "Hahatawin ka namin hanggang sa kamatayan!"

Sabi niya, "Hindi n'yo magagawa iyan kung kayo. . .? . . ."

"Ipakita namin sa iyo kung magagawa namin iyon o hindi!" At sinunggaban nila ang ilang mga malalaking bato at sinimulang pukpukin siya sa ulo.

⁹³ Siya'y tumingala, at nagsabi, "Nakikita kong bumubukas ang Langit. Nakikita ko ang hagdanang pumapanaog. Nakikita kong nakatindig si Jesus sa kanang kamay ng Kanyang Kamahalan." At hindi sinabi ng Bibliang siya'y namatay; siya'y nakatulog. Oh, naku! Sadyang nakikita ko ang isang Anghel na nananaog, binubuhat siya at idinuduyan siyang tulad ng isang sanggol, isang ina, hanggang sa siya'y makatulog. Oh, naku! Talaga.

⁹⁴ Iyan ang layunin ng Banal na Espiritu. Para nga diyan kung bakit isinugo ng Diyos ang Banal na Espiritu. Dumating ang Banal na Espiritu upang bigyan ka ng Kapangyarihan. Mayroon pa akong ilang mga Kasulatan dito, sandali lang. Dumating ang Banal na Espiritu upang bigyan ka ng Kapangyarihan. Ako—ako'y hindi. . . Matatagpuan n'yo ito; hindi na ako makakagugol ng oras para sa paghanap at pagbasa sa mga ito, ngayong gabi.

Binibigyan kayo ng Kapangyarihan, Kapangyarihan sa pananalangin!

⁹⁵ Kunin n'yo ang isang tao na nakapamuhay ng isang mabuting buhay, ngunit palagi silang nagugupo. "Oh, sinasabi ko sa 'yo. . ." Mabuting tao, "Naku, talaga, iniibig ko ang Panginoon, Kapatid na Branham." Palaging nagugupo, kailanma'y hindi sila nakatanggap ng kasagutan sa isang panalangin.

Puspusin mo ang munting babaeng iyan ng Banal na Espiritu isang beses, abangan mo kung ano ang nangyayari. Kapag siya'y humarap sa Diyos, hindi siya nalupig. Siya'y nagtutungo nang may lakas ng loob sa Trono ng Diyos, na sumasampalataya. Mayroon siyang karapatan dahil siya'y isang anak na babae ng Diyos, sa pamamagitan ng isang Kapanganakan.

Kunin ang munting lalaking iyan, sa paraang napakaduwig, ay nagsisisipa ang tagapamahala sa buong lugar. Ang sabi, "Hintay ka muna rito ngayon." May nabago, kita n'yo,

taglay niya ang Banal na Espiritu. Binibigyan kayo Nito ng Kapangyarihan. Ang buhay ninyo ay puno ng Kapangyarihan.

Binibigyan kayo Nito ng Kapangyarihan sa pananalita.

⁹⁶ Aba, naku, ang mga taong iyon na takot, nangakatayo roon sa labas; sina Pedro, Santiago, Juan, Lucas, at lahat ng natira sa kanila. Nagawa na nilang umakyat sa itaas na silid, na nagsasabi, “Oh, wala na tayong masasabi pa. Sila, tumingin nga kayo roon, nandoon si Doktor *Kuwan* at *si ano* sa labas. Naroroon si Rabi *Kuwan* at *si ano*. Alam n’yo, may apat siyang mga digri ng kolehiyo; papaano pa kaya tayo makakatindig laban sa kanya?” Ang sabi ni Pedro, “Naku, natatandaan kong isang araw ay pinagbilhan ko ng isda ang lalaking iyan. Siya, siya’y nagsalita, at ni hindi ko nga alam kung tungkol saan ang sinasabi niya. Naku, kailanma’y hindi ako makakatindig laban sa kanya.” Ngunit ano ang ginawa . . .

“Ano ang magagawa natin, mga kapatid?”

“Ang sabi Niya’y, ‘Maghintay kayo,’”

“Aba, nagawa na nating naririto nang apat na araw.”

“Basta’t manatiling naghihintay.”

“Gaano katagal?”

“Hanggang sa.”

“Bueno, sinabi ba Niyang iyon ay magiging sa ikalimang araw?”

“Kailanma’y hindi Niya sinabi kung gaano katagal. Ang sabi Niya, ‘Hanggang sa.’”

Bueno, nanatili lang silang naghihintay. Gaano katagal? “Hanggang sa.” Walong araw ang lumipas. “Hanggang sa.” Siyam na araw ang lumipas. “Hanggang sa.”

At sa wakas nang dumating nga ang araw ng Pentecostes, silang lahat ay nasa isang dako, sa isang pagkakatipon.

⁹⁷ Ang Diyos ay matagal nang nasa itaas nila, sa isang maapoy na Ulap; nakasama na nila sa paglakad ang Diyos, sa lupa; ngayo’y may isa pang magaganap. Isang bagay ang natatakdang mangyari.

. . .silang lahat ay nasa iisang dako, sa isang pagkakatipon.

At biglang dumating mula sa langit ang isang ugong na gaya ng sa . . . isang humahagibis na hanging malakas, at pinuno ang buong silid na kanilang kinauupuan.

. . .dilang nagkabahabahagi . . . na dumapo sa . . . kanila.

Ano ang *nagkabahabahagi*? “Hati-hati.” Tulad ng pagkautal, nakarinig na ba kayo ng sinumang nauutal? Sila’y nag-, “a-a-a, o, a-a,” kita n’yo, wala silang masabi. “Nagkabahabahagi, hati-hati.” Tulad ng isang *hating* paa, ay nangangahulugang isang bagay na “biyak, hati-hati.” Hindi sila nagsasalita. Hindi sila nagsasatsatan. Wala silang ginagawa kundi ang gumawa lang ng ingay.

...*mga dilang nagkabahabahagi* ang sa kanila’y dumapo, na tila ba iyon ay kawangis ng apoy. (Naku, hindi nila mapigil ang kanilang mga sarili!)

At silang lahat ay nangapuspos ng Banal na Espiritu, . . .Hu!

⁹⁸ Pagkatapos ay ano’ng nangyari? Sa labas ng mga kalye ay nagsihayo sila. “Nasaan kaya iyang si Rabi Jones? Nasaan kaya ang lalaking iyan? At nasaan ang intelektuwal na higanteng iyan?”

“Ang Diyos ay nanguna noon sa atin, kasama si Moises, sa nagniningas na palumpong; pinakain Niya tayo ng manna, sa Kaitaasan. Lumakad Siyang kasama natin sa loob ng tatlong taon at anim . . .tatlong taon at anim na buwan, dito sa lupa. Ngunit ngayo’y nasa sa akin Siya. Ito’y hindi ako na nagsasalita; ito’y Siya. Alam ko kung sino Siya, at alam ko kung sino ako. Ako nga’y hindi na; Siya nga.”

Dalhin siya rito sa itaas! *Kayong mga lalaki ni Israel, at . . .kayo na nananahan sa Judea, hayaang maipabatid ito sa inyo—maipabatid sa inyo, at makinig sa aking tinig, kayong lahat na mga mangangaral at mga rabi.*

Hu! Naku! Kapangyarihan ng pananalita! Oh! “Ang mga ito’y hindi lasing!” Tumatayo para sa munting minoriyang iyan, na isandaan at dalawampu, laban sa sampung libo o higit pa.

...*ang mga ito’y hindi lasing, gaya ng inyong inaakala, nakikitang ito’y ikatlong oras pa lamang ng araw.*

Ako’y isang full Gospel na mangangaral. *Ngunit ito ay yaon na patungkol sa sinabi ng propeta Joel;*

...*mangyayari nga sa mga huling araw, ang sabi ng Diyos, Aking ibubuhos . . .ang aking Espiritu (hu) sa lahat ng laman: at ang inyong . . .Nakita ba ninyo doon sa labas si Maria na sumasayaw sa Espiritu, nagsasalita sa iba’t-ibang mga wika at gumagawa ng di-pangkaraniwan? . . .sa lahat ng laman: . . .*

...*at sa aking mga alilang babae’y aking ibubuhos . . . ng aking Espiritu; . . .*

[Si Kapatid na Branham ay pumalampak nang tatlong beses.]

...Ako'y magpapakita ng mga tanda sa langit sa itaas, at...sa lupa sa ibaba;...mga haligi ng apoy, at mga singaw ng usok:

Ang Diyos ay nasa Kanyang bayan kung gayon. Amen.

“Bueno, ngayon, nagkaroon ka ng anong digri? Saan, saang paaralan ka nanggaling?”

⁹⁹ “Iyan ay walang ginagawang anumang pagkakaiba mismo ngayon.” Oh, sinimulan niya ang pagbubuhos sa Kasulatan.

Nakita siya ni David sa simula pa lang!...ang Panginoo'y laging nasa harapan ko...at hindi matitinag:

...bukod doo'y nagalak ang aking puso, sapagkat... at ang aking dila'y natuwa;

...hindi niya iniwan ang aking kaluluwa sa sheol, ni hindi niya matitiis ang kanyang Tanging Banal na makakita ng kabulukan.

...malayang masabi ko sa inyo ang tungkol sa patriarkang si David,...siya ay kapwa namatay at inilibing, at nasa atin ang kanyang libingan...sa araw na ito.

Ngunit sa pamamagitan ng isang propeta...sa simula pa lang ay nakita na niya ang pagdating ng Matuwid na Ito.

...at hayaang maipabatid sa inyo, na ginawa ng Diyos ang gayunding si Jesus na ito, na inyong ipinako sa krus sa pamamagitan ng mga napakasamang kamay, na kapwa Panginoon at Cristo. Amen!

¹⁰⁰ “Mga kalalakihan at mga kapatid, ano ang maaari naming gawin upang maligtas?”

...sinabi, Magsisi, ang bawat isa sa inyo, at mabautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan, at inyong tatanggapin ang kaloob ng Banal na Espiritu.

Sapagkat sa inyo ang pangako, at sa inyong mga anak, at sa kanila na nangasa malayo, maging ilan pa man ang tawagin ng Panginoon nating Dios sa kaniya. Amen.

¹⁰¹ Habang ang Diyos ay may mga tao, ang Diyos ay may isang Iglesya, ang Diyos ay may Banal na Espiritu na nagmamartsang kasama Nito. Ibinigay ng Diyos ang Banal na Espiritu para diyani. Magsisilitaw ang mga marurunong; palagi naman. Ngunit ang Diyos ay may minoriya sa kung saan man. Ang Diyos ay may munting Iglesya na kikilos agad na may bautismo ng Banal na Espiritu, sa pag-aangkin ng Liwanag. At sila ang magiging mga tao na, sa kanilang mga patotoo, ay magsisipaghusga sa sanlibutan.

Hindi ba sinasabi ng Biblia na sinabi ni Jesus, “Mapalad ang mga malilinis ang puso; makikita nila ang Diyos”? At hindi ba sinasabi Nito, na, “Ang mga matutuwid, ang mga banal, ang magsisipaghusga sa lupa”? [Kongregasyon, “Amen.”—Ed.] Talaga.

Ang patotoo ninyo ngayon ay maghahatid ng paghuhukom laban sa lungsod na ito. Ang ating patotoo tungkol sa bautismo ng Banal na Espiritu at sa Kapangyarihan ng Diyos, isang banal na buhay, ay maghahatid ng paghuhukom laban sa lungsod na ito. Kapag itong . . .

¹⁰² “Sila na mga nauuna ay mahuhuli; Sila na mga nahuhuli ay mauuna.” Hindi ko malalaman ang anuman tungkol kay Sankey at Moody, sa kanilang pagkabuhay na mag-uli. Hindi nila malalaman ang anuman tungkol sa akin, sa isang ganito. Ngunit ako’y titindig sa isang ganito, upang magbigay ng patotoo; gayon din kayo.

At sa ganyan, sa pamamagitan ng pagsasambulat ng inyong Liwanag, at ng bautismo ng Banal na Espiritu, at sa pamamagitan ng mga buhay na inyong ipinamuhay, at ng mga bagay na ginawa ng Diyos upang patunayan na Siya’y kumikilos dito; at sa pamamagitan ng kanilang mga marurunong, ay lumayo mula Rito; sila’y hahatulan ng mga banal. Sila’y mga nahatulan na. Nalampasan na nila iyon. Oh, naku!

¹⁰³ Ako’y nagsasalita tungkol sa Kapangyarihan ng panalangin, Kapangyarihan ng pagsasalita, Kapangyarihan para sa isang banal na buhay. Amen. Iya’y kung ano ang siyang gagawin ng Banal na Espiritu.

¹⁰⁴ Ilan sa inyong mga taong naglalakad habang-daan, ay nagsasabi, “Naku e, sadyang hindi ko maitigil ang panginginom. Sadyang hindi ko *ito* maihinto.

Ang Banal na Espiritu ay dumarating upang manahan sa inyo, upang mapaalis ang lahat ng “mga di-kaya” na ito mula sa inyo. Iya’y tama. Pahintuin ang mga kababaihan sa pagpuputol ng kanilang buhok, patigilin sila sa pagsusuot ng shorts at slacks. Walang mga dahi-dahilan. Patigilin sila sa pagdadaldalan. Naku, oo, Ito’y para diyan, upang gawan ka ng isang banal na buhay. Palagi Nitong susundin ang mga turo ng Biblia.

¹⁰⁵ Isang babae ang magsasabi, “Sadyang napakainit; sadyang kinakailangan kong isuot ang mga ito. Dinudulutan ako ng sakit ng ulo kung hahayaan kong humaba ang aking buhok.”

Ngunit walang mga dahi-dahilan sa Banal na Espiritu. Ito’y naroroon upang gawin itong gayon. Susundin Nito ang Salita nang sadyang tamang-tama. Iyan ang siyang gagawin ng Banal na Espiritu.

Ito'y upang ikaw na lalaki'y palingunin mula sa kanilang halos nakahubad na mga kababaihan, at patigilin sa pagnanasa sa kanila, at isang mga kasapi ng iglesya. Iyan ang siyang gagawin Nito.

¹⁰⁶ Ito'y upang patigilin ka sa paninigarilyo at panginginom, at maging . . . nais na maging isang bigating tao. Iyan ay aalisin Nito sa iyo. Papagpapakumbabain ka Nito kapag ginawa mo iyan. Para diyan ang Banal na Espiritu. Ito'y para sa isang banal na buhay. Iya'y tama. Pahihintuin ka sa pakikipagtsismisan. Patitigilin ka sa paglalaro ng mga baraha, paglalaro ng dais sa sugal, at lahat ng iba pang mga bagay na ito na ginagawa ninyo sa palibot ng sulok.

Patitigilin kayo Nito sa pagpapatuloy ninyo sa gawi ng inyong ginagawa, namumuhay nang di-tapat sa inyong maybahay. Iyan ang siyang gagawin Nito. Iya'y tama. Patitigilin kayo Nito sa pagnanasang pakasalan ang asawa ng isa pang tao. Iya'y talagang tamang-tama.

Iya'y kung ano Ito. Ito'y ang pamuhayin ka ng isang banal na buhay. Para diyan ang Kapangyarihan ng Banal na Espiritu, "ang ilagay ang inyong pagmamahal sa mga bagay na mula sa Itaas," kung saan nakatayo ang Diyos sa . . . ? . . . ang isipan ni Cristo ay nasa sa inyo. Hindi kayo makakaiwas mula sa pagtingin sa mga bagay na iyon; kapag tumingin kayo sa kanila, ibinabaling ninyo ang inyong ulo. Iya'y tama. Ito'y ang gawin nga kayo.

¹⁰⁷ Sinasabi ninyo, "Hindi ko magagawa ito. Oh, sadyang hindi ko magagawa ito." Talaga, hindi *mo* nga magagawa.

Ngunit dumating ang Banal na Espiritu para sa layuning iyan. Iyan ang ginawa Nito. Ito'y dumating upang alisin iyon mula sa inyo, ang lahat ng mga iyon na mga datihang gawi at mga bagay-bagay na inyong ginagawa.

Iyang dating paninirang-puri, inihihwalay ang sarili mo, sinasabi, "Purihin ang Diyos, ako'y isang Metodista, wala akong pakialam sa kanilang mga dati nang holy-roller." Dumating ang Banal na Espiritu upang alisin iyan mula sa iyo.

¹⁰⁸ "Ako'y isang Baptist. Ako'y Presbyterian. Hindi ako pupunta doon sa munting makalumang pulutong ng holy-roller." Dumating ang Banal na Espiritu upang alisin ang lahat ng kapormalang iyan mula sa inyo. Iyan ang ginawa Nito. Nililinis kayo Nito sa Dugo; itinutuwid kayo. Ito'y dumating upang gawin iyan.

Ito'y dumating upang ituwid kayo. Ang sabi Niya, "Ituwid ang mga balikong dako." Ito'y dumating upang gawin iyan; ituwid iyon. "Gawing mababa ang mga matataas na lugar; gawin ang lahat ng mga kabundukan na magmistulang lahat sila'y sumasayaw na tulad ng mga mumunting kordero, at lahat ng mga daho'y ipinapalalapak ang kanilang mga kamay, sa inyo."

[Si Kapatid na Branham ay pumalampak nang apat na beses—Ed.] Ang mga ibon ay umaawit nang kakaiba. Tumutunog ang mga kampana ng kagalakan. Walang mga dahi-dahilan. Ito’y dumating upang gawin iyan. Iyan ang layunin ng Diyos sa pagsusugo ng Banal na Espiritu, nang sa gayo’y gagawin ninyo ang mga bagay na ito, upang kayo’y gumawa...lumakad na kasunod Niya.

¹⁰⁹ Ngayon hindi ko nais na saktan kayo, ngunit sinabi ko sa inyong ako’y naririto na may pinakataos-pusong katapatan. Upang iwasang pahirapan kayo, paminsan-minsa’y lalaktaw ako ng isang linya sa kung saan man; at nananatili sa Katotohanan, ngunit nananatili roon at gagawin iyon sa isang paraang hindi kayo pahirapan niyon nang husto.

¹¹⁰ Subalit may nais akong sabihin sa inyo. Kung sinasabi ng Biblia na mali para sa isang babae ang putulin ang kanyang buhok, at sinasabi mong taglay mo na ang Banal na Espiritu at pagkatapos ay pinutol ang iyong buhok, ako’y magtataka kung mayroon ka na nga. Huwag kang magagalit; kung ito nga, ipinakikita pa rin niyan na may isa pang marka laban sa iyo.

¹¹¹ Kung sinasabi ng Biblia na mali para sa isang babae ang magsuot ng isang damit na nauukol sa isang lalaki, at isinusuot ninyo itong mga maliliit na lumang oberol at slacks sa labas dito sa lansangan, kayong mga babaing nasa hustong gulang! Siguro’y ang isang munting sanggol lang ay magiging... bagay, na nakikipaglaro sila sa mga mumunting batang lalaki at mga bagay-bagay. Ngunit, tingnan n’yo, kapag kayo—kapag kayong mga babaing nasa hustong gulang, labinlima, labing-anim, labing walong taong gulang, patungo kay lola, sa labas dito sa lansangan! At ang sabi ng Biblia, “Karumaldumal sa paningin ng Diyos,” ang magdamit ang isang babae ng mga ganong bagay. At isusuot n’yo ang mga iyon, kahit papaano, at sasabihing mayroon na kayong Banal na Espiritu? Kung minsa’y nagtataka ako. Susundin ng Banal na Espiritu ang Salita ng Diyos hanggang sa titik.

At ang isang mangangaral sa likod ng pulpito, na wala namang sapat na tapang upang Ito’y ipangaral, nagdududa akong mayroon na siya Nito. Iya’y sadyang tamang-tama! Aba, para diyan ang Banal na Espiritu.

¹¹² Ito’y upang magbigay ng sigla sa mangangaral. Ito’y upang magbigay ng kabanalan sa pangkat. Ito’y upang isaayos ang Iglesia. Ito’y upang maghatid ng pagkakaisa ng Espiritu. Ito’y upang sama-sama tayong papagkaisahin na may Kapangyarihan. Ito’y upang sama-sama tayong papagkaisahin na may pag-ibig, pag-ibig na pangkapatiran.

Hindi mahalaga sa akin kung ika’y isang Metodista, Baptist, Presbyterian, Lutheran, maging ano ka pa man, kung tayong lahat ay nabautismuhan na sa iisang Katawan sa pamamagitan

ng iisang Banal na Espiritu, at naging mga kasapi ng Katawan ni Jesus Cristo. Walang . . . walang pangkasalukuyan, walang panghinaharap; kagutuman, taggutom; walang makapaghihiwalay sa atin mula sa pag-ibig ng Diyos, ang pag-ibig ni Cristo, “pag-ibig ng Diyos na na kay Cristo,” sapagkat tayo’y ipinanganak ng Kanyang Espiritu, nilinis sa Kanyang Dugo. Tayo ay isang bagong nilikha. Iyan ang ginawa ng Diyos sa pagparito. Para diyan ang Banal na Espiritu. Opo, ginoo. Iya’y kung ano nga.

¹¹³ Ngayon, mga tao, tingnan ninyo ako, sa mukha. Maraming mga kamay ang tumaas, mayroon na kayong Banal na Espiritu; kita n’yo, tiyak, na mayroon nga. Oh, ngayon ako’y—ako’y babalik lang nang kaunti dito. Ito’y nakateyp. Ngunit makakakuha tayo ng marami nito bukas ng gabi.

Kung sinasabi mong mayroon ka na Nito, at may sala sa mga ganito, hindi ko alam kung ano’ng nangunguna sa iyo. Kailanma’y hindi ka ililihis ng Diyos sa Salita. Pananatilihin ka Niya sa Salita, pagkat iya’y Sariling mga batas ng Diyos, ng Kanyang Iglesya, para sa Kanyang bayan, para sa mga kababaihan, at para sa lalaki.

¹¹⁴ “Bueno,” ang sinasabi, “hindi nakasasama sa akin ang paggawa ng *ganito* o *ganyan*.” Hindi nga ba? Sinasabi ng Salita na ito nga.

At kung ang Banal na Espiritu ay nasa sa inyo, ituturo kayo Nito mismo sa Salita. Walang magiging mga dahi-dahilan. Ang Diyos ay hindi gumagawa ng mga pagbabago o mga dahi-dahilan. Gumagawa Siya ng pamantayan at sundin mo ito. Iyan lang. Iya’y kung ano ito sa bawat isa. Dumarating ka sa gayon ding paraan.

¹¹⁵ Ang sabi ni Pedro, “Magsisi, ang bawat isa sa inyo; mabautismuhan, ang bawat isa sa inyo, sa Pangalan ni Jesus Cristo para sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan, pagkatapos ay tatanggapin ninyo ang kaloob ng Banal na Espiritu.” Kita n’yo? Iyan na. Kinakailangan nating unawain ang linyang iyan.

¹¹⁶ Ngayon hindi ko sinasadyang saktan kayo; minamahal ko kayo nang lubusan. Ngunit, kapatirang lalaki, kapatirang babae, naiisip ba ninyo, na kasama . . . na alam ko na kinakailangan kong tumindig sa mga huling araw ng muling pagkabuhay na yaon, na kasama ang henerasyong ito ng mga tao, at magbigay ng isang ulat para sa Salitang ito? At ipinakilita ito ng Banal na Espiritu, at ipinangangalar ko Ito doon, saan kaya kayo titindig? Paano n’yo malalamasan Ito? Hindi mo magagawa iyon, kaibigan. Huwag. Ngayo’y itigil mo iyan. Maging ano pa man ang ginagawa mong mali, itigil iyon.

Sinasabi mo, “Hindi ko kaya.”

Kung gayo'y wala ka pang Kakayahan-na nasa iyo. Kapag dumating ang Banal na Espiritu, binibigyan ka Niya ng Kapangyarihan sa buong mundo. At kung ikaw...Makinig sa sinabi Niya. "Kung iniibig mo ang sanlibutan o ang mga bagay ng sanlibutan, ito'y sapagkat ang pag-ibig ng Diyos ay wala sa iyo." Ngayon, walang mga dahi-dahilan. Ginagawa Niya itong maliwanag, at kinakailangan nating sumunod sa pamantayang iyan.

117 Alam kong iniisip ninyong ako'y labis. Ngunit ako ay labis na puno mismo ngayon. Kita n'yo? Makinig. Iyan ay totoo. Ngayon lumapit kayo Rito, kapatirang lalaki, kapatirang babae.

118 Huwag ninyong hayaan ang ilan sa mga intelektuwal na kolehiyo sa paligid dito na sabihin sa inyo, "Naku, iya'y makaluma't sinaunang bagay."

Kung Ito'y gamit ng makaluma't sinauna, kung gayon ang Diyos ay makaluma't sinauna. At kung ang Diyos ay makaluma't sinauna, kung gayo'y ako, rin. Amen. Nais kong maging tulad Niya. Bakit? Ang Kanyang Espiritu ay nasa akin, na nagugutom at nauuhaw, tinatawag ang lahat ng salungat sa Salita . . .

119 Kung sinasabi ng mga tao, "Ayos lang sa, naku e, kung ang isang tao'y naglalaro ng kaunting mga baraha para pang-katuwaan, at nagsusugal lang ng isang nikel o dalawa kaya. Ayos lang 'yon." Sinasabi ng Diyos na ito'y hindi.

120 "Naku, kung iinom ka lang ng isang masarap na inuming sosyal, at maglalasing lang nang bahagya, paminsan-minsan."

Ngunit ang sabi ng Diyos, "Sa aba niya."

121 "Oh," sinasabi mo, "ayos lang 'yon, Kapatid na Branham. Ako—ako—ako'y nagpuputol ng aking buhok dahil sa isang tunay na bagay. Ang isang babae, alam mo, ginagawa iyon ng lahat ng iba pang mga kababaihan." Hindi mahalaga sa akin kung ano ang ginagawa ng lahat ng iba pang mga kababaihan. Hindi sila ang huwaran mo o hindi sila ang amo mo. Kung taglay mo ang Banal na Espiritu sa iyo, susundin mo ang Kanyang mga tagubilin maging ano pa man ang sabihin ng mga tao tungkol sa iyo.

122 "Naku e, Kapatid na Branham, sadyang napakainit, at sadyang kinakailangan kong isuot itong mga maliliit na damit na *kuwan*." Ang impiyerno'y mas mainit kaysa diyan, mahal na kapatirang babae. Hayaang sabihin ko 'yan sa iyo. At—at huwag. Tandaan mo 'yan.

123 At palagi kang aakayin ng Banal na Espiritu sa Katotohanan, at ang Kanyang Katotohanan ay ang Salita. "Ang Aking Salita ang Katotohanan. Maging isang kasinungalingan ang salita ng bawat tao, datapuwat ang sa Akin ay totoo."

At isipin lamang, "isang karumal-dumal." Maisip n'yo kaya?

¹²⁴ Ito ay isang nakapangingilabot na salita para sa isang ministro na sabihin, ngunit nakapasok na ako sa mga palikuran ng mga lugar kung saan ito lang ay magiging. . . Kakailanganin n'yong lumakad pabalik sa labas, halos, iyon ay sadyang napaka. . . At mga maruruming mga bagay ang nasa pader. Naisip ko, "Papaano kaya sa sanlibutan na ang mga tao'y maaaring maging napakababa?" At umaalingasaw! At kapag ako'y naglalakad sa mga lugar na iyon, madalas kong isipin, "Anong alingasaw!" Ako'y. . . Doon sa loob, hinahawakan ko ang aking ilong nang *paganito*, para makapaghugas ng aking mga kamay. Ako'y matatakot na kapag hinawakan ko ang hawakan ng pinto, na naman, ay magkakaroon ng mga mikrobyo mula sa beniryal at mga bagay-bagay. At naisip ko, "Oh!"

¹²⁵ Isang araw, nakatayo sa isang paliparan, ang isa sa mga lugar na iyon na pinasok ko, o isang perokaril na lugar, pumasok ako sa ganyan. At naisip ko, "O, mahabag."

¹²⁶ At May nagsabi sa akin, "Ganyan ang amoy ng sanlibutan sa Diyos. Ito'y isang karumal-dumal."

¹²⁷ Naisip ko, kapag nakakakita ako ng isang babae na naglalakad sa kalye, na nakaayos ang kanyang buong sarili nang ganyan, at nakasuot ng damit ng lalaki, ganyan ang itsura nito sa Diyos. Ito'y isang karumal-dumal, isang bagay na napakarumi at umaalingasaw, sa harap ng Diyos. Gayon pa man, magsisimba siya sa Linggo, at gagayak.

May isang lalaking pupunta roon, at iinom, at mandaraya, at iibig ng salapi, at dadayain ang kanyang kapitbahay, at lahat ng iba pa, upang makakuha ng kaunting sobrang pera; at gawin ang mga bagay na ito, at magsugal, at manigarilyo, at uminom, at magsinungaling; at pagkatapos magsisimba at magpapatotoo. Karumal-dumal! Karumihan! Iyan ang intelektuwal na iglesya.

¹²⁸ Sinasabi, "Aba, ako'y kasapi sa iglesya." Oo, at kinakailangan hayaang lumabas ang iglesya, nang labinlimang minuto, nang sa gayon ang lahat ng mga diyakono at lahat sila'y maaaring manigarilyo, at ang pastor, din, bago ka makabalik para magsimba. Sabihin sa akin? Ihiwalay ninyo ang inyong sarili mula sa bawat bagay na marumi!

¹²⁹ "Dungisan ang katawan; wawasakin Ko ito." Sinabi ng Diyos na gagawin Niya ito. At ngayon, ang labis na kanser, ay nagdudulot ng siyamnapung-anong porsiyento ng mga kamatayan, ang kanser sa lalamunan at бага, ay dulot ng paghitit ng mga sigarilyo. "Dungisan ang katawan; wawasakin Ko ito." Ngunit sila'y labis na patungo sa impiyerno, nagpapakagumon nang ganyan, hindi nila alam.

At may kung sinong mangangaral na nakatayo sa pulpito na may apat na digri, mula sa kolehiyo, na naninigarilyo, siya mismo. May sasabihin ako sa iyo, kapatid. Isinugo ang Banal na

Espiritu upang tawagin ang mga kalalakihan at mga kababaihan mula sa bagay na iyan. Ihiwalay n'yo ang inyong sarili!

Ang salitang *iglesya* ay nangangahulugang maging “hiwalay.” “Lumabas kayo mula sa kanila,” ang sabi ng Biblia. “Huwag galawin ang kanilang mga karumihan, at tatanggapin Ko kayo; at kayo’y magiging mga anak na lalaki at babae sa Akin, at Ako’y magiging Diyos sa inyo.” Oh, naku! Hindi ko sinasadyang maging hindi mabuti, kundi nais kong maging tunay at maging matapat. Opo, ginoo. Oh, ano’ng nakapangingilabot na bagay!

¹³⁰ Mga kalalakihan at kababaihan, saan na tayo nakatayo ngayon? Nasaan na tayo? Tayo’y huminto.

¹³¹ Nung nakaraang gabi, sa kabila ng maliit na lumang upuan doon sa silid, (at kinakailangan ko nang magtapos), isang maliit na upuang dalawahang-tiklop. Pagkatapos manalangin sa loob ng tatlo o apat na araw, kaya ako’y napunta sa gayong lugar, naglilibot, at nag-iisip, “O Diyos,” at ako’y napunta sa gayong lugar hanggang sa hindi ko na alam kung ano’ng gagawin. Ang sabi ko, “Diyos, kami’y nasa dulo na ng daan. At napagtanto kong ako’y nakaligta. Mayroon pa akong mga pagtawag na magpatuloy, at maging pagod, at hindi iyon magawa.” Naisip ko pagkatapos na tila nakikita ko ang aking Panginoon na pasuray-suray doon sa kadiliman, nang Siya’y pagod na pagod na halos hindi Niya maitaas ang isang paa pagkatapos ng isa pa, ngunit Siya ay hindi labis na . . . Huminto para sa babae ng Nain, pagkatapos ay para sa batang lalaki na dinala doon sa labas na patay na; hanggang sa makalapit Siya at mahipo ang kabaong, at gamitin ang kaunting lakas na nasa Kanya upang buhayin ang batang iyon. “Aba, paano ba ako napagod? Ano kaya ang nangyari sa akin, Panginoon? Dito’y naiisip ko, ‘Bueno, ako’y papatanda na. Ako-hindi ko na iyon magagawa.’”

¹³² Nandoon noon si Moises, ang dati pa ring Diyos na aking pinaglilingkuran, na nanatili pa, sa isang daan at dalawampung taong gulang.

Nandoon noon si Caleb, nanatili sa gulang na siyamnapu, na may tabak sa kanyang kamay, at nagsabi, “Inilagay ni Josue ang tabak na ito sa aking kamay, apatnapung taon na ang nakalilipas.” Siya ay walumpu na noon. Ang sabi, “Ako’y kasing igi ng isang tao ngayon na gaya ko rin noon.” Amen.

Ang sabi ko, “Diyos, maging mahabagin Ka sa akin.”

¹³³ Sinabi ko, “Bueno, tumingin dito, ako’y palaging . . .” At hinawakan ko ang aking maybahay (nandiyan sa likod) sa kamay, sa ibayo nitong Biblia at ng kanyang maliit na Biblia, at ang sabi ko, “Honey, naging masyado akong negatibo. Kinukundena ako ng Banal na Espiritu sa kaloob-looban ko.” Sabi ko, “Iniisip ko yaong mga squirrel doon sa labas. Iniisip ko si Hattie Wright nung nakaraan doon, at ang mga mumunting

batang lalaki. Iniiisip ko ang ginawa ng Diyos, ipinakikitang Siya ay Diyos, na kayang lumalang.” Aleluya!

Naisip ko, “Sinabi na Niya iyan sa akin, maraming taon na ang nakararaan, ‘Ikaw ay hindi Ko iiwan. Ikaw ay hindi Ko kailanman pababayaan. Walang taong titindig laban sa iyo, sa lahat ng araw ng buhay mo. Makakasama mo Ako. At mula rito sa kamay ng pagkilala, ito’y darating hanggang sa malalaman mo ang lihim ng puso. Pagkatapos niyan, ito’y tataas nang tataas.’ Ang taon pagkatapos niyan, ay pinatunayang walang kamali-mali, sa palibot ng mundo. Hetong dumarating ito, itong ibang dakilang ministryo, na higit na lampas dito.”

Ang sabi ko, “Honey, kinukuha ko ang iyong kamay. Sa pamamagitan ng tulong ng Diyos at biyaya ng Diyos, kailanma’y huwag mo na akong hayaang maging negatibong muli. Hayaang lumakad akong pasulong dito sa rebaybal na ito upang mangaral na tulad ng kailanma’y di ko pa nagagawa. Hayaang magtungo ako rito, upang pabanalin muna ang aking sarili, at gumawa ng daan para sa mga tao; na ang aking sariling mga kasalanan, ang aking sariling pagpapabaya ay mapasailalim sa Dugo, ang aking sariling mga pagkukulang ay mapasailalim sa Dugo, nang sa gayo’y makalalakad akong palabas at makapagsasabi, ‘Sundan n’yo ako, mga tao.’” Iya’y tama.

Hindi ko gustong makitang magsabi ang isang lalaki ng, “Gawin mo ’yon.” Nais kong makita ang isang tao na mangunguna sa daan sa paggawa niyon. Opo, ginoo.

¹³⁴ Dito kamakailan lang, nagkaroon tayo ng sunog dito sa lungsod, nasunog ang Kumpanya ng Langis ng Pfau. Nandoon sa kanila ang Departamento ng Sunog ng Jeffersonville. At ang isang kaibigan ko, mabuting tao, kailanma’y hindi nasanay sa mga malalaking sunog na tulad niyan, siya’y naglalakad doon, at sinasabi, “Magpabuga kayo ng kaunting tubig sa banda *rito*, mga lalaki. Magpabuga kayo ng kaunting tubig sa banda *rito*.”

Hetong paparating ang munting Clarksville doon, “ding, ding, ding, ding,” tumakbong paakyat doon. At ang sabi niya, tumalong palabas ang hepe ng sunog, ang sabi, “Magpabuga kayo ng kaunting tubig *rito* sa ibaba. Basagin n’yo itong bintana *rito*. Magpabuga kayo ng kaunting tubig *roon*.”

¹³⁵ Ngunit sa ibayong ilog ay dumating ang mga bihasang bombero mula sa Louisville. Iyang malaking sasakyang pamatay-sunog ay hindi pa nakahihinto’y nasa dulo na ng hagdan ang hepe. Nang tumaas ang hagdan, siya ay nasa pinakaunahan. Inihagis ang kanyang palakol bago pa man siya makapasok doon, at binasag ang bintana, ang sabi, “Halina kayo, mga lalaki!” ’Yon na. Namatay ang sunog sa loob ng ilang minuto.

Hindi, “Magpabuga kayo ng kaunting tubig *rito*. Magpabuga kayo ng kaunting tubig *roon*.” Ipinapaalala sa inyo, ang ilan sa mga intelektuwal na mangangaral na ito.

¹³⁶ Sumama kayo! Halina kayo! Alam kong Ito ang Katotohanan. Natikman at nakita ko na. Kaluwalhatian! Ang Banal na Espiritu ay tama. Ang Diyos ay mabuti. Huwag sumubok *dito*, sumubok *doon*; lumakad tayo sa Kanya! Siya’y naririto. Ito’y para sa inyo. Ipinagkaloob ng Diyos ang Kanyang Kapangyarihan sa Kanyang Iglesya. Hindi pabugahan *ito* rito palabas, at pabugahan palabas; wala kayong matatapos. Manguna! Amen. A! Hu!

Hindi na nga makakita pa sa mga ito. [Inalis ni Kapatid na Branham ang kanyang salamin para sa pagbabasa—Ed.]

¹³⁷ Amen! Ano kaya ang gagawin natin? Bawat taong nakaupo rito’y puspos ng isang bagay.

Pagkatapos ay magtatapos na ako; marahil ay kinakailangan na, pagkatapos nayan.

Kayo’y puspos ng isang bagay. Hindi kayo makakaupo riyang hindi puspos ng isang bagay. Mayroon kayong buhay sa inyo. Pinangungunahan kayo ng buhay na iyan, at ang buhay na iyan ay pinangungunahan ng isang espiritu.

Ngayon, marahil ay puno kayo ng sanlibutan, iniibig ang sanlibutan o ang mga bagay ng sanlibutan. Maging mahabagin nawa ang Diyos sa inyo.

Marahil ay puno kayo ng mga kredo mula sa kung anong iglesya, kung anong maiikling panalangin na inyong sinasabi, akala ninyo’y makapananalangin ito sa kung anong patay na tao, o—o gumawa ng kung anong klase ng isang pag-aantanda sa inyo. Maging mahabagin nawa ang Diyos sa inyo.

¹³⁸ At maaaring kayo ay puno ng relihiyon, at iya’y grabe pa. Iya’y tama. Iya’y tama. Ang sabi ng Biblia, “Sa mga huling araw ay magiging napakarelihiyoso nila, nagtataglay ng isang anyo ng kabanalan; nagtataglay ng isang anyo ng kabanalan, ngunit itinatanggi ang Kapangyarihan niyaon: mula sa mga gayo’y magsilayo kayo.”

Kung kayo ay puno ng relihiyon, kayo’y kahabag-habag; relihiyon lang, iyan lang. Kung kayo’y puno ng mga kredo, hindi n’yo nalalaman kung ano ang inyong sinasabi. Kung kayo’y puno ng sanlibutan, kayo’y mga bulag.

¹³⁹ At pagkatapos, muli, maaaring puno kayo ng Banal na Espiritu. Amen. Umaasa akong kayo nga. At, kung kayo’y hindi, umaasa akong kayo’y mapupuno. At kung kayo’y puno ng Banal na Espiritu, ano ang mayroon kayo? Mayroon kayong Kapangyarihan. Mayroon kayong pag-ibig. Mayroon kayong kapayapaan. “Ang Aking kapayapaan ay ibibigay Ko sa inyo; hindi tulad ng sa sanlibutan, binibigyan Ko kayo.” Mayroon

kayong kapayapaan. Kayo'y naselyuhan na. Mayroon kayong tanda. Amen. Mayroon kayong kapahingahan. Mayroon kayong hindi mabigkas na kagalakan, at puno ng kaluwalhatian. Kayo'y nakaangkla. Oh, naku! Iya'y kung ano kayo, na may Banal na Espiritu. Mayroon kayong. . . Kung kayo'y puno ng Banal na Espiritu, "Kayo'y lumipat na mula sa kamatayan hanggang sa Buhay," naghihintay para sa pangkalahatang pagkabuhay na mag-uli sa huling araw. Amen!

¹⁴⁰ Sa darating na daigdig, sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesus Cristo, at nakakita sa Kanyang pumaparito sa kaluwalhatian at kamahalan, "Ilalabas ng dagat ang mga patay nito." "Ang mga nabubulok na katawan ng mga yaon na nangatutulong sa Kanya ay. . ."

"Nangatutulong sa Kanya." Papaano kayo napapasa Kanya? "Sa pamamagitan ng isang Espiritu tayong lahat ay binautismuhan sa isang Katawan."

"Ang mga nabubulok na katawan ng mga yaon na nangatulong sa Kanya ay mababago at magiging tulad ng Kanyang Sariling maluwalhating katawan, na kung saa'y nagawa Niyang malupig ang lahat ng mga bagay sa Kanyang Sarili."

"Ako'y nakarinig ng isang tinig mula sa Langit," ang sabi ni Juan, "sinabi sa akin, 'Isulat mo, "Mapalad ang mga patay na namatay sa Panginoon. . ."' Paano kayo makapapasok? "Sa pamamagitan ng isang Espiritu ay nabautismuhan tayo sa Katawan." [Pumalampak si Kapatid na Branham nang isang beses—Ed.] "'...na namatay sa Panginoon mula sa simula ngayon; sapagkat sila'y nagpapahinga mula sa kanilang mga paggawa; at ang kanilang mga gawa ay sumusunod nga sa kanila.'" Hum!

Inisugo Niya ang Banal na Espiritu para diyan. Oh, pinagpalang kasiguruhan, si Jesus ay akin! Ako ay nasa Kanya, at Siya ay nasa akin; ang Ama ay nasa Kanya, at Siya ay nasa Ama; at ang Ama ay nasa akin, at ako ay nasa Kanya.

Si Jesus ay akin!

Oh, anong unang karanasan sa luwalhating Banal!

Ako'y isang tagapagmana ng kaligtasan, nabili na ng Diyos,

Isinilang ng Kanyang Espiritu, nang hugasan sa Kanyang Dugo.

Amen. Hindi ko ito ipagpapalit. Oh, naku!

Lahat ng mga rubi at mga diyamante, at pilak at ginto,

Puno ang Kanyang mga kaban, Siya'y may dimabilang na yaman.

Pagkat ako'y anak ng isang Hari!
 Ako ang anak ng Hari!
 Sa pamamagitan ni Jesus na aking
 Tagapagligtas,
 Nagiging anak ako ng Hari!

¹⁴¹ Amen at amen. Hindi ko ito ipagpapalit. Hindi ko ito ipagpapalit. Mayroon pa akong dalawa o tatlong Kasu- . . .

Saka, heto ang isa pang Kasulatan. Kapag—kapag ikaw ay puspos ng Banal na Espiritu, iyan ang mga bagay na taglay mo. Pagkatapos ay ano ka na, sa sanlibutan? Isang dayuhan. Alam kong ito'y huli na, ngunit kailanma'y hindi ito labis na huli para dito. [Si Kapatid na Branham ay pumalakpak nang isang beses—Ed.] Isang dayuhan! Oh!

Tayo'y mga peregrino at tayo'y mga estranghero dito,
 Naghahanap tayo ng 'sang darating na bayan,
 Ang pansagip-buhay na barko'y darating na sa panahong madali,
 Upang tipunin ang Kanyang mga Hiyas Pauwi.

¹⁴² Naririnig ko ang salpok ng tubig doon sa Ilog Ohio, nang ako'y isang matanda-tanda nang binatang mangangaral na mga dalawampung taong gulang, na inaawit iyan doon. At ako'y nakarinig, tumingin sa aking itaas, at nakarinig ng isang Tinig na nagsabi, “Tumingala ka.” Heto't dumating iyang malaking Ilaw na nakabitin mismo doon, kumilos pababa sa ibabaw ko at nagsabi, “Gaya ni Juan Bautista na isinugong upang magpauna sa unang pagdating ni Cristo, ika'y magkakaroon ng isang Mensahe na magpapauna sa ikalawang Pagdating ni Cristo.”

Oh, papaano ko paniniwalaan 'yon? Ngunit gayunma'y nangyari pa rin iyon. At sa gabing ito'y nag-aalab ang mga apoy ng rebaybal sa palibot at palibot ng mundo. Itinaas ng Dakilang tinubos na Iglesya ng Diyos ang Kanyang Sarili mula sa lugar na iyon, at mga malalaking kampanya ng pagpapagaling, at mga tanda, at mga kababalaghan, at mga himala, ang nagpapakita ng pagdating.

¹⁴³ Ika'y isang dayuhan, at ika'y isang estranghero. Gumagawa ka ng mga kakaibang bagay, iba sa dati mong ginagawa. Hindi ka kumikilos na tulad ng dati mong ginagawa. Ang mga tao. . . Ang Banal na Espiritu, kapag Ito'y dumating sa iyo, at ikaw ay naging puspos ng Banal na Espiritu, hindi mo pinapansin ang mga bagay ng sanlibutan. Hindi mo pinapansin ang mga bagay na makagugulo sa iyo. Hindi mo ito pinapansin. Pagkatapos ikaw ay nagiging isang— isang nilikhang kakaiba ang kilos, ang pangit na sisiw ng bibi, sa kanila, ang munting agila na napisa sa ilalim ng pugad ng manok; na aking ipinangaral, *At Nang Payagpagin Ng Agila Ang Pugad Nito*. Ika'y isang nilikha na mukhang katawa-tawa, sa kanila.

Ngunit, oh, naku, naglalakad naman sa Daang-bayan ng Hari! Amen. Oh, ito'y isang Daang-bayan patungo sa Langit. At ako'y naglalakad patungo sa Daang-bayan ng Hari.

Sinasabi, "Tingnan n'yo iyang holy-roller, iyang pangit na sisiw ng bibi. Iyang holy-roller na mangangaral."

¹⁴⁴ Isang tanyag na Metodistang mangangaral ang nagsabi sa isang tao ngayon, sa Louisville, ang sabi, "Nais kong tulungan si Kapatid na Billy, pero alam mo kung ano ang aking gagawin? Kakailanganin ko pang isuong ang aking buhay." Hindi mo na kailangang isuong ang iyong buhay para sa akin.

Insuong na Niya sa panganib ang Kanyang buhay para sa akin. Amen!...?...Naglalakad na lang sa Daang-bayan ng Hari, iyon lang. Oh, naku! Puspos ng Kanyang Espiritu! Ipinanganak ng Kanyang Espiritu! Nahugasan na sa Kanyang Dugo! Aleluya! Maligaya!

¹⁴⁵ At pagkatapos ay isa pang bagay, bakit, ano ang nag-uudyok sa iyong gawin iyan? Ika'y isang tao pa, ngunit ano ang nag-uudyok sa 'yong gawin ito? Ay sa kadahilanang ikaw ay nagmula, ikaw, ang iyong Espiritu ay nagmula sa itaas. Ito'y ang Diyos na nasa iyo.

¹⁴⁶ Nang ako'y magpunta doon sa Roma, napansin ko na sila, bawat isa, ay may Romanong espiritu. Nang ako'y magpunta sa Gresya, lahat sila'y may Griyegong espiritu. Nagpunta ako sa Inglatera; lahat sila'y may espiritong Ingles. Kapag nagpupunta kayo sa mga lugar, nakakatagpo kayo... Pagkatapos ay matatagpuan n'yo ang Amerikanong espiritu; ito'y kasuklam-suklam.

¹⁴⁷ Nang ako'y magpunta sa mga katakumba ng San Angelo sa Roma, may isang karatula sila roon, "Pakiusap, mga Amerikanang kababaihan, magdamit naman kayo, upang igalang ang mga patay." Amerikanong espiritu.

Panoorin silang bumaba sa eroplano, at suot ang mga maiiksing damit na 'yan, at lahat ay nakatingin sa kanila, at hetong dumarating si Binibining Amerika. Iya'y Amerikanong espiritu. Masasabi mo kung taga-saan siya; bihis na bihis, aba, hila-hila ang isang matanda-tanda nang asong poodle na nakakatuwa sa may likuran niya. Iya'y tama. Naku, oo, siya'y isang... Siya, siya ay Amerika, Binibining Amerika; naglalakad pababa, alam n'yo, nagmamagilas sa paglakad nang paganyan. Bakit? Mayroon siyang Amerikanong espiritu. [Si Kapatid na Branham ay kumatok sa pulpito nang anim na beses—Ed.] Ngunit sinabi ni Jesus, Siya'y tumestigo laban dito nang araw na yaon, ang sabi Niya, "Kayo ay mula rito sa ibabang lupa. Ako'y mula sa Itaas."

At kung taglay mo ang Espiritu ni Cristo sa iyo, ikaw ay mula sa Itaas, kung gayon ikaw ay isang estranghero dito.

¹⁴⁸ Ngunit taglay ninyo ang katangian ng lugar na pinanggalingan ninyo. Iyan ang sinisikap kong sabihin. Isang Romano ang nagpupunta sa banda rito, kinakamot niya ang kanyang ulo; at isang Aleman ang nagpupunta sa banda rito; ang Amerikano'y nagpupunta sa banda roon. Bakit? Taglay ninyo ang mga espiritu nilang mga bansang pinanggalingan ninyo.

Iyan ang labis na nakapagpapaiba sa atin sa sanlibutan. Ika'y mula sa Itaas. Ikaw ay ipinanganak. Ika'y—ika'y isang mamamayan ng isa pang Kaharian. Pinaniniwalaan n'yo ba ito? [Ang sabi ng Kongregasyon, "Amen."—Ed.] Iya'y kung ano ang Banal na Espiritu, ay ang gawin kang isang mamamayan ng Kaharian ng Diyos.

¹⁴⁹ Kung gayon, kung ikaw ay isang mamamayan ng Kaharian ng Diyos, papaano ka pinakikilos Nito? Tulad ng ginagawa ng Diyos sa Kanyang Kaharian. Ngayon, ano ang ginagawa ng Diyos sa Kanyang Kaharian? Iyo'y kabanalan, pagkamakatwiran, kadalisayan ng kaisipan, kadalisayan ng pag-iisip; Kapangyarihan at pag-ibig, pagtungo sa mga ligaw, pagpapagaling ng mga maysakit, pagsasagawa ng mga himala, gumagawa ng mga dakilang bagay. Pagkatapos, sa sanlibutan ay mukha kang baliw, at sinasabi nila, "Silang mga lalaki ay wala sa kanilang pag-iisip." Kita n'yo? Ngunit ikaw ay isang mamamayan ng Kaharian.

¹⁵⁰ Isa pang Kasulatan, kung nais n'yong isulat ito, Juan 12:24. Hayaang sipiin ko ito sa inyo nang talagang madali. Ang sabi ni Jesus:

...kung *ang isang butil ng trigo* ay mahulog sa lupa...malibang ito ay mamatay, hindi ito makapagbibigay ng isa pang buhay.

Ngayon, tumingin, isang panapos na pananalita ngayon. At alalahanin, kung gayon, ito ay tiyak. . . Ngayon, sa inyong mga tao, ito'y tiyak na mahalaga at kinakailangan, at namimilit at sapilitan, na matanggap ninyo ang Banal na Espiritu ngayon. Sapagkat, kung hindi ninyo matatanggap, hindi kayo makararating sa pagkabuhay na mag-uli. Ngayon tingnan n'yo. Hindi maaaring suwayin ng Diyos ang Kanyang mga kautusan. Alam natin iyan. Sinusunod Niya ang Kanyang mga kautusan.

¹⁵¹ Ngayon, isang—isang butil ng trigo, o mais, ang ating kukunin, tulad ng sinabi ni Jesus doon. Siyempre, ang isang—isang butil, sa Biblia, binabasa ko lang ito ngayon, ay tumutukoy sa lino o kahit anong uri ng isang binhi, kundi, ang trigo, sebada, laize, o kahit ano, ito'y isang butil. Subalit kapag nahulog ang isang butil ng trigo sa lupa, ngayon, mayroong. . . Lahat sa atin dito ay nakakita na, alam na ito'y nangyayari. Ang isang butil ng trigo, o isang butil ng mais, ay maaaring magmistulang kasing

sakdal ng magagawa nito, at ilagay n'yo ito sa lupa, at kung ang butil na iyan. . .

Ito ay may buhay na panghabang-panahon. Ito'y bababa ngayon, pararamihin ang sarili nito sa isang tangkay; at babalik na muling pababa, at aakyat na namang muli; at babalik na muling pababa. Ito'y buhay na panghabang-panahon.

Kung ang butil na iyan ay wala pang binhi ng buhay sa loob nito, kahit na gaano pa magmukhang maganda ito, hindi ito kailanman mabubuhay. Ito'y magtutungo sa lupa at mabubulok, at iyun na. Ang bahagi nito, ang mga sangkap, ay maaaring gamitin para sa pagpapataba at mga bagay-bagay sa lupa. Ngunit sa ganang maaari pa itong mabuhay na muli, kailanma'y hindi na ito mabubuhay maliban lamang na ito'y may buhay na panghabang-panahon sa loob nito. Alam 'yan ng kahit na sino. Sadyang hindi mo magagawa.

¹⁵² Maaaring may dalawang tao, ang isa sa kanila ay sadyang tamang-tama, sadyang kapwa sila magkatulad. Ang isa sa kanila'y maaaring maging isang mabuting tao, kaya niyang gumawa ng mga mabubuting bagay, magagawa niya nang pasulong; subalit malibang ang taong iyan ay may Buhay na Walang Hanggan sa kanya, kailanma'y hindi siya babangon sa pagkabuhay na mag-uli. Hindi niya magagawa ito; wala roong bubuhayin. Walang makapagpapabuhay sa kanya, walang Buhay. Kaya, alam mo, mahal kong kapatirang lalaki, mahal kong kapatirang babae, malibang ipanganak na muli ang isang tao, hindi siya makakabalik sa kahit ano pang paraan sa Kahariang ito. Hindi niya magagawa. "Malibang ang Butil ng trigong ito'y mahulog sa lupa at mamatay." Siya'y nangungusap tungkol sa Kanyang Sarili. Ngunit Siya'y nagkaroon, hindi ng buhay na panghabang-panahon, Siya'y nagkaroon ng Buhay na Walang Hanggan; at ang Buhay na ipinagkaloob Niya sa iyo, nang sa gayo'y nagkaroon ka ng gayon ding uri ng Buhay.

¹⁵³ Ngayon, kung mayroon lang kayong pantaong buhay, na sapat upang pakilusin kayo sa paligid at pagnasain, "Siya na nabubuhay sa kalayawan ay patay samantalang siya ay buhay," hindi ka maaaring mabuhay. Ikaw ay maaaring ang pinakatanyag na dalaga sa inyong paaralan. Maaaring ikaw ang pinakasikat na dalaga sa larong kard ng inyong samahan. Maaaring ikaw ang babaeng pinakamahusay manamit sa bansa. Maaaring ikaw ang pinakamaganda. Maaaring ikaw ang may pinakamagandang pangangatawan. Maaaring ikaw ay isang idolo sa iyong asawa. Maaaring ikaw ang lahat ng mga bagay na ito, na, iya'y kahanga-hanga. Ngunit, kapatirang babae, malibang ikaw ay may Banal na Espiritu sa iyo, na siyang Buhay na Walang Hanggan, sa dulo ng daang ito'y tapos ka na.

At hindi mahalaga sa akin kung ano ang itsura mo o kung gaano na ang mga bagay na ito, o kung gaano ka hindi

katanyag o tanyag, kung gaano kaganda o gaano kapangit; kung ika'y may Buhay na Walang Hanggan, diya'y mabubuhay ka magpakailanman at magpakailanman.

¹⁵⁴ Kapag nawala na ang buwan at mga bituin, at pinatigil na ng lupa ang halumigmig ng sarili nito sa mga kabundukan at mga disyerto, at ang lahat ay may—ay may, ito'y wala na; at ang mundo ay nagpapaampang-ampang na tulad ng isang lasing na lalaking umuwi sa gabi, at ang mga bituin ay tumatangging kumislap, at nangahuhulog mula sa langit, at ang buwan ay nagiging dugo; at ang—ang araw ay namumula at itinatago ang mukha nito, kapag nakita nilang dumarating ang Anak ng tao. Ikaw ay sisikat sa pagkamatwid ni Jesus Cristo, upang lumabas mula sa libingan bilang isang batang, magandang babae, upang kunin ang iyong katambal, at mabuhay magpakailanman at magpakailanman at magpakailanman, at ikaw pa rin ay mabubuhay sa lahat ng Walang Hanggang kapanahunan. Para diyan ang Banal na Espiritu.

Kung nararamdaman mo ang pinakamahinang hatak, huwag mong ilayo Ito.

¹⁵⁵ Ano ang Banal na Espiritu? Ang Diyos na nasa iyo. Para saan Ito? Para ipagpatuloy ang Kanyang gawain sa Kanyang mga tao; upang tipunin ang Kanyang Iglesya, upang dalhin ang Iglesya sa isang lugar sa araw na ito, nang higit na mas malayo sa Lutheran, Metodista, at mga Pentecostal, sa isang lugar ng pagkukupkop at isang biyayang nauukol sa Pag-agaw. Iyan, kapag ang bahaging ito ng Iglesya, kapag ang Espiritu ay kumilos sa Iglesya rito, ito'y sadyang mabubuhay; at dadalhin nito, dadalhin nito ang lahat ng mga tinubos na hinipo iyang Espiritu.

Ang mga Lutherang iyon na tumayo roon na taglay ang buong liwanag na mayroon sila, sa ikaaaring-ganap; yaong mga Metodistang nagpatirapa sa sahig, at sila'y nagsaboy ng tubig sa kanilang mukha, mula sa Espiritung tumatama sa kanila sa pamamagitan ng pagpapabanal; yaong mga Pentecostal, na sila'y lumakad nang paakyat-baba sa kalye at tinawag silang “mga tongues-delung, at mga taong masatsat, at wikang gansa,” at lahat ng iyan; sila'y maninindigan sa pagkamakatwiran, sa paningin ng Diyos sa Araw na yaon, nang sadyang kasing tiyak na gaya nitong Bibliang nakalatag dito. Kung pinaniniwalaan n'yo ako bilang isang lingkod... Tinatawag ninyo akong propeta Niya; hindi ko tinatawag ang aking sarili ng ganyan. Subalit, makinig kayo, ako'y nagsasalita sa inyo sa Pangalan ng Panginoon. Yaong mga na kay Cristo ay dadalhin ng Diyos na kasama Niya sa Kanyang pagdating, sa pagkabuhay na mag-uli, at tanging yaon na mga na kay Cristo.

Papaano tayo nakapupunta kay Cristo, mga tao?

¹⁵⁶ Sa pamamagitan ng isang kredo ay napag-iisa ba tayong lahat? Hindi. Sa pamamagitan ng isang pakikipagkamay ay

naiimpluwensiyahan ba tayong lahat? Hindi. Sa pamamagitan ng isang tubig ay nabautismuhan ba tayong lahat? Hindi. O sa pamamagitan ng isang denominasyon ay naitalaga ba tayong lahat? Hindi.

Kundi, sa pamamagitan ng Unang Mga Taga Corinto 12:13, “Sa pamamagitan ng iisang Espiritu, Banal na Espiritu, Espiritu ng Diyos, tayong lahat ay . . .” Metodista, Baptist, Lutheran, Presbyterian, “Lumakad sa Liwanag, sapagkat Siya ay nasa Liwanag, mayroon tayong pakikisama sa bawat isa, at ang Dugo ni Jesus Cristo, ang Anak ng Diyos, ay naglilinis sa atin mula sa lahat ng mga kasalanan.” “Sa pamamagitan ng isang Espiritu ay nabautismuhan tayong lahat sa isang Katawan, at ginawang kasalo sa Kanyang biyaya.”

¹⁵⁷ Hindi ka tutungo sa Paghuhukom. “Siya na nakikinig ng Aking mga Salita at sumasampalataya.” Walang taong maaaring sumampalataya hanggang sa taglay na niya ang Banal na Espiritu. “At sumasampalataya sa Kanya na nagsugo sa Akin,” kapag ang Banal na Espiritu ay nakapagpatotoo na tungkol sa Kanyang pagkabuhay na mag-uli. “May Buhay na Walang Hanggan, at kailanma’y hindi tutungo sa paghuhukom, kundi nagdaan na mula kamatayan hanggang Buhay.” Ano? Hindi mo na madadatnan ang Paghuhukom. Hindi ka na titindig pa sa Putting Luklukan para sa kahatulan.

Nakukuha mo ang iyong kahatulan dito mismo. Naraan mo na ang iyong kahatulan kapag ika’y nakapasa na at nagsasabi, “Ako’y walang buti, at ang pinag-aralan ko’y walang buti. Panginoon, lumapit Ka sa akin, at kunin Mo ako at akayin ako, Panginoon. Hindi mahalaga sa akin kung ano ang sinasabi nitong baliw na sanlibutan. Pangunahan Mo ako, Panginoon, ng Iyong Espiritu.” Ika’y nahatulan na pagkatapos. Hatulan mo ang iyong sarili bilang isang baliw kay Cristo, at, sa Kanyang kabanalan, sa Araw na yaon ay titindig tayong imortal na tulad ng Kanyang anyo.

¹⁵⁸ Tanging iisang daan. Papaano? “Sa pamamagitan ng isang Espiritu ay nabautismuhan tayong lahat sa isang Katawan.” At kapag ika’y nasa Katawang iyan, nahatulan na ng paghuhukom ang Katawang iyan, at natanggap mo na Siya bilang siyang pampalubag-loob ng iyong kasalanan.

Sinasabi mo, “Nagawa ko na ’yan, Kapatid na Branham.”

Pagkatapos, kung ang Banal na Espiritu ay bumalik na muli at nagbigay sa iyo ng isang tatak bilang isang tanda, ang Espiritung iyan ang nagdadala sa iyo sa Katawan ni Cristo. Pumipihit kang pabalik sa kabilang daan, at ika’y isang bagong nilikha kay Cristo Jesus. “Ika’y nakadaan na mula kamatayan hanggang Buhay. Ang mga lumang bagay ay wala na, at ikaw ay bago na kay Cristo!” Amen!

¹⁵⁹ Oh, pakiusap, hayaang hikayatin kita, aking kapatid na Cristiyanong lalaki o babae. Huwag mong hayaang lampasan ka nitong rebaybal. Kinakailangan mong tanggapin ang Banal na Espiritu. Ano Ito? Ang Espiritu ng Diyos. Para saan Ito? Para akayin ka, gabayan ka, puspusin ka, pabanalin ka, tawagin kang palabas, patungo sa Iglesya.

Ano ang isang iglesya, ano ang ibig sabihin ng *iglesya*? “Tinawag palabas, nakahiwalay.” Oh, gaano ako makakakuha ng isang sermon mula riyan ngayon mismo! “Tinawag palabas, nakahiwalay,” mga dayuhan, palayo mula sa sanlibutan, peregrino at estranghero, naghahayag na tayo’y wala ritong makalupang lungsod na ninanasa nating tirahan. Oh, naku!

¹⁶⁰ Tulad ni Abraham, at Isaac, at Jacob, na pansamantalang nanirahan, nakatira sa mga tolda sa lupain. Sila’y naghahayag na sila ay mga peregrino at mga estranghero, ang binhi ng tagapagmana, ang tagapagmana noon doon; ang ama, ang tagapagmana. Tayo ay mga binhi nila. “At hinahanap nila ang isang Bayan Na ang Tagapagpatayo at Tagagawa ay ang Diyos.” Amen. Sila ay naghahanap noon.

¹⁶¹ At, ngayon, ang kanilang binhi ay naghahanap pa rin ng isang Bayang darating, na sinasabi, “Hindi ko na nais na maging nakikibagay sa sanlibutang ito. Hindi ko na nais na magkaroon ng bahagi sa sanlibutang ito. Nais ko, ako’y naghahanap ng isang Bayan na itinayong matuwid at matapat. Ako’y naghahanap ng isang Bayan na may Buhay na Walang Hanggan, kung saan ang araw ay hindi na bumababa, kung saa’y wala nang katandaan, kung saa’y wala nang itim na laso sa hawakan ng pinto, o isang libingan sa gilid ng burol. Hinahanap ko ang Bayang iyan, Na ang Tagapagpatayo at Tagagawa, ng Diyos.”

¹⁶² Iisa lamang ang daan upang matagpuan iyon. “May isang Batong inukit mula sa bundok, nang walang mga kamay, na gumulong sa sangkalupaan at binangga ito, at ito’y naging tulad ng trigo. . . o ipa sa mga sahig ng giikan.” Hayaang ang Batong iyan, ay ang Cristo Jesus; iyang Batong-katitisan sa sanlibutan, isang Bato ng isang pagkakasala, isang Batong-katawanan, isang sagabal sa iglesya; ngunit isang mahalaga at isang Batubalani sa mananampalataya, isang Bato ng kasiguruhan, isang Bato ng kapahingahan. Oh, naku!

Nagpapahinga! Alam kong ako’y nagdaan na mula kamatayan hanggang Buhay. Ang aking kaluluwa ay nasa kapahingahan. Oh! “Magsiparito sa Akin kayong lahat na mga napapagal at nangabibigatang lubha, at kayo’y Aking bibigyan ng kapahingahan sa inyong kaluluwa.” “Isang—isang tanda na pagsasalitaan ng masama,” ang sabi ng—ng propeta kay Maria. Ito’y magiging isang tanda, tiyak, na ito nga. Ngunit Ito’y magiging isang katiyakan. Ito’y magiging isang pag-ibig. Ito’y magiging isang kasiyahan. Ito’y magiging isang bagay

na alam mong ika'y nagdaan na mula kamatayan hanggang Buhay.

¹⁶³ Kapatiran kong lalaki, kapatiran kong babae; bilang inyong kapatid, bilang inyong lingkod kay Cristo, hayaang hikayatin ko kayo, nang buong puso ko. Huwag n'yo itong hayaang dumaan sa ibabaw ng inyong ulo, o dumaan sa inyo, o sa ilalim ninyo. Tanggapin n'yo Ito sa inyong puso, at kayo'y magiging isang masayang tao sa mundo.

Hindi ko kayo pinangangakuang magkakaroon kayo ng milyun-milyong dolyar. Hindi po, ginoo. Kapatid na Leo, sa palagay ko'y marami nang masyado ngayon niyan na ipinangakong, "milyun-milyong dolyar," ang mga bagay na sinabi ng iba't-ibang tao. "Kung ika'y magiging isang Cristiyano, magkakaroon ka ng milyun-milyong dolyar at ika'y magiging isang mayamang tao." Hindi ko ipinapangako sa inyo ang anuman.

Ipinapangako ko sa inyo ito, ang tanging bagay na maipapangako ko sa inyo, ang Kanyang pagliligtas. Ang Kanyang biyaya ay sapat para sa bawat pagsubok. Ang mga tao noong Pentecostes, ni hindi nga nila ninais ang kung ano na nagkaroon sila. Ngayon pag-usapan ang tungkol sa mga milyonaryo? Hindi nila ninais ang kung ano na nagkaroon sila, Kapatid na Angie.

¹⁶⁴ Nais kong pakinggan ka at si Gertie na umawit, isa sa mga araw na ito, (nasaan ba siya?), *Linggo ng Pagbabalik sa Tahanan*, isa sa mga araw na ito. Marami sa kanila ang nakatawid na sa kabilang ibayo ng hangganan mula noon. Oh, naku!

Hindi sila humiling ng mga dakilang bagay. Hindi sila humiling ng salapi. Bakit, ang sabi ni Pedro, "Pilak at ginto ay wala ako, subalit ang nasa akin, ibibigay ko ito sa iyo."

At sinasabi ko iyan ngayong gabi, mga kaibigan. Ang kagalakan, ang pag-ibig, ang kasiguruhan, na mayroon ako kay Cristo at Kanyang pagkabuhay na mag-uli, ang nasa akin, ay iniaalay ko sa inyo; iniaalay ko sa inyo, bilang mga anak ng Diyos.

At lumapit kayo at manatili sa krus kung kayo'y tinawag ng Diyos, at huwag tatayo. Kapag nagpunta kayo bukas ng gabi, nagpunta kayo alinma'y upang pumasok dito at manatili hanggang sa ito'y tapos na; o pumanhik at kami'y mananalangin at magpapatong ng mga kamay sa inyo. Humayo. . . Iyan ang utos ng Biblia, magpatong ng mga kamay sa kanila para sa Banal na Espiritu. At pagkatapos ay magtutungo kami, kayo'y umuwi sa inyong tahanan. . . Kung mananatili kayo mismo roon, kung mananatili kayo buong gabi, manatili kinabukasan, manatili sa susunod na araw, manatili hanggang sa mga pagbabakasyon, manatili hanggang sa una ng taon, at manatili pa, at manatili hanggang sa.

165 Na, maging ano pa man ang aming ituro tungkol sa bukas ng gabi, ipinakikita sa inyo sa Biblia kung ano ang mangyayari, ay mangyayari. At kapag Ito'y dumating, kung gayo'y wala nang sapat na mga diablo sa pagpapahirap nang matindi. . . Alam ninyong nakadaan na kayo mula kamatayan hanggang Buhay. Kayo'y isang bagong nilikha kay Cristo Jesus. Ang mga kampanilya ng kagalakan ng Langit ay tutugtog.

166 Kapatid na Othal, sinasabi ko sa iyo, pinag-aalab ka nito. Heto ang isang matandang binatang nakaupo rito, isang matandang kapatid sa akin, na isang salaring naglalakad na may mga baril sa kanyang tagiliran, naghahanap sa isang lalaki sa tabi-tabi, isang tao para pasabugin ang kanilang mga utak. At ano ang nangyari? Isang araw ay tumingin siya at naniwala sa Buhay. At siya'y lumakad. Sinundan niya ang aking mga pagtitipon. At ang kawawang lalaki, na walang sapat na makain, at nahiga at natulog sa mga palumpong sa may gilid ng tolda, nagugutom at nauuhaw. At isang araw ay dumating ang Banal na Espiritu. Oh, kapatid ko, binago ka nito, hindi ba? Ito'y nagdulot ng Buhay, at inalis ang kamatayan. Umalis ang pagkamuhi, at pumasok ang pag-ibig. Oh, naku! Ang poot at alitan ay nawalang lahat; bagong Buhay ang pumasok.

Tingnan n'yo rito sa iba multiplikahin pa ng iba, iba pa multiplikahin pa ng iba, at palabas hanggang doon. Oh, ang mga kampanilya ng kagalakan ng Langit ay tumutugtog! Mga kaibigan, wala nang paraan para sa akin upang maipahayag ito.

167 Makinig, nang sa gayo'y maari kong iwan ito, kung pinaniwalaan ninyo ang aking patotoo, bilang isang lingkod ni Cristo, at nagsikap na ipakita sa inyo mula sa Biblia ng Diyos na ito'y tama. At kung ang aking mga salita ay magmistulang ang mga ito ay maaaring bahagyang kakaiba lang tungkol dito, tingnan n'yo iyang larawan sa siyentipikong mundo. Abangan ang bunga, na itong Haliging Apoy na nanguna sa mga Anak ni Israel, abangan ang bunga na ipinamumunga Nito. Tingnan kung ano ang ginagawa Nito, kung ano ang sinasabi Nito.

Ito'y hindi ako na nagsasalita; ito'y Siya na nagsasalita sa pamamagitan ninyo, alam n'yo. Ito'y hindi ako na nakakakita sa pangitain; ito'y Siya na nagsasalita sa pamamagitan ninyo. Ito'y hindi ako na nagpapagaling ng mga maysakit; ito'y Siya na nasa inyo, na nagpapagaling ng mga maysakit. Ito'y hindi ako na nangangaral; ako'y isang mahinang duwag, at tumatakbo mula sa pinaka kaisipan, kundi ito'y Siya na nagsasalita. Hindi ko alam ang Salita; ngunit alam Niya Ito. Iyan na. Iyan na. Iya'y kung ano ito.

At naroon Siya. At iyang gayon pa ring Anghel ng Diyos ay naririto mismo sa gusaling ito ngayong gabi. [Si Kapatid na Branham ay kumatok sa pulpito—Ed.] Oh, gaano ko Siya iniibig!

168 Ngayon ilan ang nagnanais na tumanggap ng Banal ng Espiritu? Magkaroon ng pagsusulit sa mga buhay natin. Ilan ang hindi pa nakakatanggap Nito, at nagnanais na tumanggap? Itaas ang inyong kamay, sabihin, “Kapatid na Branham, sa kaibuturan ng aking puso, nais kong tanggapin ang Banal na Espiritu.” Pagpalain kayo ng Diyos, sa lahat ng dako.

169 Ilan sa inyo na nakatanggap na Nito, at nagnanais na magtungo tulad ng ginawa nila sa Mga Gawa 4, at sabihin, “Oh Panginoon, Oh Panginoon, iunat Mo ang Iyong kamay upang magpagaling, at nagpapakita ng mga tanda at mga kababalaghan sa Pangalan ng Iyong banal na Anak na si Jesus, at ako’y bigyan ng buong katapangan at pag-ibig, upang makapagsalita, at isang bagong pagpupuspos?” Oo, heto ang sa akin, din. Diyos, Ito’y ipagkaloob sa akin.

Iyuko natin ang ating mga ulo, sa pinaka mataimtim na katapatan, bawat tao na tinatanganan ang hinahangad mo sa iyong puso.

170 Panginoong Jesus, tinatapos namin itong munting pagtitipon ngayong gabi, pagkaraan ng pakikisama sa palibot ng Salita at ng Banal na Espiritu. Gaano Niya pinagpala kami at ibinuho sa aming mga puso ang langis ng Kanyang Salita! May mga ministro, may mga tao rito na nasa lahat ng uri ng buhay, na nakatikim at nakakita na ang Panginoon ay mabuti. Alam namin kung ano ngayon ang Banal na Espiritu, isang pangako ng Diyos. Ito ay Buhay na Walang Hanggan sa kung gaano man karami ang sumasampalataya.

171 At alam namin na ang Banal na Espiritu ay ang Espiritu ni Jesus Cristo na isinugong pabalik, at Siya’y nasa sa atin ngayon. Gaya ng ang Diyos ay nasa ibabaw natin, sa Haliging Apoy na yaon; pagkatapos ay lumakad Siyang kasama natin, sa . . . isang katawan na tinatawag na *Immanuel*, “ang Diyos ay sumasa atin”; at ngayon Siya ay nasasa atin, sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, ang Diyos na nasasa atin. Oh!

Ang sabi ni Jesus, “Sa araw na yao’y malalaman ninyo na Ako ay nasa Ama, at kayo ay nasa Akin, at Ako ay nasa inyo. Mauunawaan ninyo ito sa araw na yaon. Sapagkat, kayo’y nasa sanlibutan ng kadiliman, bilang pagsasabi, ngayon, ngunit sa araw na yao’y mauunawaan ninyo.”

172 Ama, ito’y hindi maaaring gawing malinaw at ganap, sapagkat kung gayo’y wala kaming sasampalatayanan. Subalit ang lahat ng mga gawa ng Diyos ay pinangungunahan ng pananampalataya. At sa pamamagitan ng pananampalataya sa Iyong Salita, sa pagpapatunay ng Banal na Espiritu na alam namin ngayon, hinihiling ko na ang bawat nagugutom na kaluluwa rito ay mapuspos ng Banal na Espiritu. Yaong mga wala Nito, at siyang nangagugutom para Dito, alalahanin lamang. . . Sasabihin namin sa kanila, Panginoon, tulad nitong

sinabi Mo, “Mapalad kayo kapag kayo’y nangagugutom nga at nangauuhaw. Kayo ay bubusugin.” Iya’y isang pangako. At higit pa ngang mapalad ang maging nagugutom. Kayo’y mapalad pa nga na malaman na nangusap sa inyo ang Diyos, sapagkat sinabi Nito, “Walang makalalapit sa Akin malibang papalapitin muna siya ng Aking Ama.”

¹⁷³ At, Panginoon, yaong mga matatandang beterano rito, itinaas nila ang kanilang mga kamay. Nakataas ang sa akin. Oh Panginoon, bigyan Mo kami ng lakas, bigyan Mo kami ng Kapangyarihan na papaunatin ang kamay ng Iyong banal na Anak na si Jesus, nang sa gayo’y ang mga tanda at mga kababalaghan ay maisagawa, nang sa gayo’y maging isang mas higit na malalim na ministeryo ito, isang higit na dakilang bagay kaysa sa kailanma’y nangyari na. Bigyan Mo kami ng katapangan at pag-ibig, upang mangusap sa mga tao. Ipagkaloob Mo ito, Panginoon. Suma amin Ka sa lahat ng mga bagay, hinihiling namin sa Pangalan ni Jesus.

¹⁷⁴ At bukas ng gabi, Panginoon, nawa’y may dumating na gayong isang humahagibis na malakas na hangin, bumaba sa gusaling ito, na magiging tulad ng isa pang Araw ng Pentecostes. Ang pundasyon ay naitayo na. Ang lahat ay nakahanda na. Ang kapong baka ay kinatay na, ang mga patabain ay kinatay na, ang mga kordero ay kinatay na; ang hapag ay nakaayos na, ang mga panauhin ay inimbitahan na. Oh Panginoon, magpadala Ka ng isang jubileo ng Pentecostes, bukas ng gabi, sa loob nitong gusali, at puspusin ang bawat kaluluwa ng bautismo ng Banal na Espiritu. Ipagkaloob Mo ito, Ama. Hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

. . . maraming bagay ang matututunan natin,
Magkakaroon tayo ng isang alpa na yari sa
ginto, marahil ay isang libong kuwerdas;

Tayo’y aawit at sisigaw at sasayaw sa buong
paligid, pupunasan ng kordero ang mga luha
natin;

Magkakaroon tayo ng isang tahanan-. . .
lubhang kasiya-siyang linggo ng pag-uwi,
ang unang sampung libong taon. Amen!

Ang mahalagang Dugo ng Sariling Anak ng
Diyos ay nakapaglinis at nakapagpabanal
Isang kahanga-hangang mga tao para sa
Kanyang Pangalan at sila ay tinatawag na
Nobyas.

Bagama’t dito’y pinabayaan at hinamak, isang
araw ay dadalhin ng Panginoon

Yaong mga pinili sa loob ng tarangkahan, at
iya’y kasinghalaga ng lahat ng bagay.

Kapag tayo’y nasa loob na ng perlas na
tarangkahan, matututunan natin. . .



*Ano Ang Banal Na Espiritu?
(What Is The Holy Ghost?)*

Disyembre 16, 1959, Miyerkules ng gabi

*Para Ano Kaya At Ipinagkaloob Ang Banal Na Espiritu?
(What Was The Holy Ghost Given For?)*

Disyembre 17, 1959, Huwebes ng gabi

Ang mga Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham ay ipinangaral sa Tabernakulong Branham sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A. Bawat pagsisikap ay isinagawa na upang mailipat nang wastung-wasto ang berbal na Mensahe mula sa mga magnetikong teyp rekording sa pahinang nakalimbag, at dito'y inililimbag nang walang pagbabago at ipinamamahagi nang walang bayad ng Voice Of God Recordings.

TAGALOG

©1997 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS

P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.

www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org